1


NATIONAL LEARNING CAMP

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Reading

## Consolidation Camp

## Lesson Plans




Government Property
NOT FOR SALE

# Consolidation Learning Camp

# Lesson Plans

# Reading Grade 1

# Table of Contents

Day 1: Lesson 1-2 .......... 1-6

Day 2: Lesson 3-4 .......... 7-15

Day 3: Lesson 5-6 .......... 16-23

Day 4: Lesson 7-8 .......... 24-31

Day 5: Lesson 9-10 .......... 32-40

Day 6: Lesson 11-12 .......... 41-49

Day 7: Lesson 13-14 .......... 50-58

Day 8: Lesson 15-16 .......... 59-66

Day 9: Lesson 17-18 .......... 67-76

# Day 1: Lesson Plan 1

**Key Idea**

- Pagsunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakasusunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.
- Nasasabi ang kahalagahan ng pagsunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: Mag-isip-isip

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Ipaawit ang "Mag-isip-isip"

Mag-isip-isip
Isa, dalawa, tatlo(3x)
Sundan ninyo ako.
Sundan, sundan
Sundan ninyo ako (3x)
Ikaw naman dito.

Tanong:

Ano ang naramdaman mo habang kumakanta at gumagalaw?
Nasundan ba ninyo ang pinagawa ng lider?
Ano ano ang mga natandaang ipinagawa ?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutunan at masasabi ang kahalagahan ng pagsunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Buoin Mo!**

- Tanong: Nakabuo ka na ba ng salita gamit ang mga pantig? Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito?
- Sabihin: Ngayon, pagsamahin natin ang mga pantig. Tingnan natin kung ano kaya ang mabubuong salita
- Sabihin: Iayos ang bilang 1, 2, 3 at pagdikitin ang mga pantig
- Ihanda ang mga pantig at pangkatin ang klase sa 2 o 3.

- Tanong:

1. Anong salita ang inyong nabuo? Ilang pantig ito?

| nu | pa | to |
|---|---|---|
| 2 | 1 | 3 |

2. Paano ninyo ito nabuo? Isa-isahin ang mga ginawa para mabuo ang salita.

- Hikayatin ang mga mag-aaral na sabihin kung ano ano ang mga ginawa para mabuo ang salitang **panuto.**

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Gawain 4A. Game: Show me board!**

- Sabihin:

Kanina ay bumuo tayo ng salitang **panuto** na may tatlong pantig. Nabuo ito dahil sinunod ang napakinggang **direksiyon o panuto**. Ngayon, pakinggan at sundin pa natin ang mga panuto na may 1-2 hakbang.

- Ihanda ang mga panuto na may 1-2 hakbang . Idikit ang mga strip ng kartolina sa pisara.
- Sabihin: Pakinggan at gawin ang sinasabi sa bawat panuto.
- **Gumuhit** ng tatsulok at **isulat** ang letrang A sa loob nito.
- **Isulat** ang malakingletrang M at S at **bilugan** ang letrang S.
- Ipaliwanag ang tungkol sa panuto at ang mga hakbang sa bawat panutong napakinggan.
- Sabihin: Ang **panuto** ay isang gabay o mga direksiyon kung paano isasagawa ang isang gawain.

Tanong:

- Ano-ano ang mga hakbang sa panuto?
- Bakit mahalaga na pakinggang mabuti ang mga hakbang sa bawat panuto?

- Tumawag ng mag-aaral na magbasa ng panuto. (Kung nagkamali ang mag-aaral sa pagbasa, gabayan siya.)
- Sabihin: Pakinggan ang babasahing panuto ng kaklase at sundin o gawin ito.
  **1.** Isulat ang malaking letrang M at S at bilugan ang letrang S.
  **2.** Gumuhit ng dalawang parisukat at lagayan ng guhit sa gitna.
  **3.** Isulat ang buong pangalan at salungguhitan ang apelyido.

Tanong:

- Ano ano ang mga hakbang sa unang panuto? Ikalawang panuto? Ikatlong panuto?
- Kung tama ang ginawa mo, ano ang naramdaman mo?
- Ano ang dapat gawin para masundan ang sinasabi sa panutong napakinggan?
- Mahalaga ba ang panuto sa ating araw-araw na gawain?
- Sabihin: Ngayon, napag-aralan na ninyo ang tungkol sa pagsunod ng mga panutong may 1-2 hakbang .
- Ipabasa: Ang panuto ay isang gabay o mga direksiyon kung paano isasagawa ang isang gawain. Kailangang sundin ito upang maging tama at maayos ang mga gagawin.

**4B. Laro: Sabi ni Titser...**

- Sabihin: Upang lalo natin matutunan ang pagsunod sa panutong may 1-2 hakbang at ang kahalagahan nito halina at samahan ninyo akong maglaro.
- Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Ang layunin ng larong ito ay ang pakikinig nang mabuti sa panuto at gawin lamang ang sinasabi sa panuto kapag narinig mo ang " Sabi ni Titser" bago ang panuto. Huwag gawin ang panuto kapag hindi narinig ang katagang" Sabi ni Titser".
  1. Sabi ni Titser, ilagay ang dalawang kamay sa beywang at kumembot.
  2. Tumalon ng limang beses
  3. Sabi ni Titser, kumuha ng sampung popsicle sticks at ilagay sa kahon.
  4. Sabi ni Titser, kunin ang bola at patalbugin ng tatlong beses.
  5. Sumigaw ng Yehey!

**Tanong:**

1. Ano ang panuto?
2. Sino-sino ang nagbibigay ng panuto?
3. Saan tayo nakakarinig ng panuto?
4. Mahalaga bang pakinggan nang mabuti ang panutong ibinibigay? Bakit?

- Isipin ang mga panutong napakinggan sa paaralan at sa bahay.

5. Kaya mo bang ibahagi sa klase ang nangyari noong sinunod ang panutong napakinggan?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.
- Isulat ang letrang kasunod ng letrang B at bilugan ito.
- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay ***ating alamin ang*** mga salitang karaniwang ginagamit sa pagbibigay ng panuto.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

# Day 1: Lesson Plan 2

**Key Idea**

- Pagsunod sa napakinggan at nabasang panuto na may 1-2 hakbang.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakasusunod sa napakinggan at nabasang panuto na may 1-2 hakbang.
- Nasasabi ang kahalagahan ng pagsunod sa napakinggan at nabasang panuto na may 1-2 hakbang.
- Natutukoy ang mga panutong karaniwang ginagamit sa silid-aralan, bahay at komunidad gamit ang mga salitang kanan, kaliwa, likuran, harapan, loob, labas, ibaba at ilalim.
- Napapahalagahan ang pakikilahok nang may kawilihan sa mga gawain tungkol sa pagsunod ng panuto.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

**Awit: Ako si Panuto *( sinulat ni: Elizabeth R. Quilling)***

(Tono: Ako si Takure)

Ako si Panuto
Gabay sa paggawa
Bata o matanda
Ugaliing sumunod .

Sumunod, sumunod, sumunod
Sumunod, sumunod, sumunod
Sumunod, sumunod, sumunod
Ito'y mahalaga.

1. Ano ang gabay sa paggawa na nabanggit sa awitin?
2. Sino-sino ang dapat sumunod sa panuto?
3. Bakit mahalaga ang sumunod sa panuto?

- Ipaawit muli ang awitin na "Ako si Panuto?"

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito ay matutunan at masasabi ang kahalagahan ng pagsunod sa 1-2 hakbang na panuto. Matutukoy ang panutong karaniwang ginagamit sa paaralan, bahay at komunidad gamit ang mga salitang kanan, kaliwa, likuran, harapan, ibaba at ilalim at napapahalagahan ang pakikilahok na may kawilihan tungkol sa pagsunod ng panuto.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Laro: Read and Match!**

- Gawin: Ikabit ng guhit sa tamang larawan.
- Ang ibon sa itaas ng puno.
- Ang bola na nasa loob ng kahon.

- Ang bulaklak na nasa ibabaw ng mesa.
- Ang pusang nakaupo sa harapan ng kotse.
- Ang bato sa ilalim ng upuan.
- Ang kotse sa likuran ng tindero.

  - Sabihin: Basahin ang mga nasalungguhitang salita.

Sa pagbibigay ng panuto minsan kailangan gamitin ang mga salitang; kanan, kaliwa likuran, harapan, ibaba at ilalim. Ang mga ito ay makakatulong upang mabilis matukoy ang sinasabi ng panuto.

3: Kaya mo bang magbigay ng panuto gamit ang mga nabanggit na salita?

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Game: Panuto Challenge!**

- Sabihin: Habang si Beth ay namamasyal ang kaniyang nanay ay abala sa paghahanda para sa sopresang handaan para sa kaniyang kaarawan. Makakapunta lamang tayo sa kaniyang kaarawan kung makakasunod tayo sa panuto.
- Magdikit sa sahig ng mga panutong kailangan sundin. Basahin, unawain at gawin ang bawat panutong madadaanan upang makarating sa kaarawan ni Beth.

1. Gumuhit ng puso at isulat ang pangalan ng may kaarawan sa loob nito
2. Sa kanang bahagi ng puso, iguhit ang regalong gusto mong dalhin.
3. Sa ibaba ng puso, iguhit ang pagkaing gusto mong kainin.
4. Sa itaas ng puso, gumuhit ng tatlong lobo. Kulayan ito ng pula.

Tanong:

1. Ano ang unang panutong ginawa?
2. Naisagawa  ba ninyo ang mga panuto nang tama?
3. Ilan ang hakbang ng panuto na inyong sinunod?
4. Ano- ano ang mga nakatulong sa inyo upang maisagawa nang mabuti at maayos?
5. Nakarating ba kayo sa kaarawan ni Beth? Bakit?

**4B. Read and Follow!**

- Sabihin:  Ngayon upang lalong malinang ang kasanayan sa pagsunod ng mga napakinggan at nabasang  panutong may 1-2 hakbang isagawa ang mga sumusunod.
- Hatiin ang klase sa 3 pangkat

1. Gumuhit ng puno. Iguhit sa itaas ng puno ang araw.
2. Gumuhit ng tatsulok .Isulat ang pangalan ng iyong punongguro sa loob nito.
3. Gumuhit ng bilog. Isulat ang malaking letrang G sa loob nito.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Ipasa : Panuto ang tawag sa mga gabay sa pagsasagawa ng mga iniuutos na gawain.
- Sabihin: Basahin ang mga panuto at isagawa.
  Tumayo nang matuwid sa harap ng klase at isigaw "Maraming salamat po sa pagtuturo!"
- Sabihin: Ngayon ay nakakasunod ka na sa mga napapakinggan at nababasang panuto, laging tatandaan ang kahalagahan nito sa buhay.

Tanong:

1. Marami ka bang naririnig at nababasang panuto sa iyong bahay, paaralan at komunidad?
2. Ano ang dapat mong gawin sa mga ito?

- Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay matututunan ninyo ang pagpapalit at pagdadagdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita.

**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

## Day 2: Lesson Plan 3

### Pagpapalit at Pagdaragdag ng mga Tunog Upang Makabuo ng Bagong Salita

## Key Idea

Pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita.

**Most Essential Learning Competencies**

- Napapalitan at nadaragdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita; F1KP -IIIh - j – 6 (MELC Q2)
- Natutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- **Sabihin:** Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa araw na ito, ating balikan ang pinag-aralan natin kahapon.
  **Itanong:** Ano nga ba muli ang panuto?
  Posibleng Sagot:
  Ang **panuto** ay isang gabay, direksyon o tagubilin kung paano isagawa ang isang gawain.

- **Sabihin:** Dapat natin sundin ang panuto upang maging tama at maayos ang ating gagawin.

  **Itanong:** Ano naman ang dapat nating tandaan para tayo ay makasunod sa panuto na may 1-2 hakbang?
  Posibleng Sagot:

  1. Makinig at unawaing mabuti ang panuto.
  2. Gawin ang unang hakbang at isunod ang ikalawang hakbang.
  3. Suriin kung nasunod ba ang hakbang.

- Makinig sa panuto na sasabihin ng guro. Isagawa ito nang maayos

  a. Tumayo ng tuwid. At, itaas ang dalawang kamay
  b. Humarap sa iyong katabi. Kamayan ito.
  c. Pumalakpak ng tatlong beses at sumigaw ng Hep! Hep! Hooray!
  d. Ilagay ang kanang kamay sa ulo. Kaliwang kamay naman sa bulsa.
  e. Umupo nang maayos. At sabihing “Handa na kaming makinig.”

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapalit at makapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng mga bagong salita at matutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Gawain:**

- Basahin ang mga sumusunod na salita. Basahin ito nang sabay-sabay ng mga bata, sundan ng papangkat na pagbasa at isahang pagbasa.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| paso | mata | puso | sando | buhay |
| laso | lata | pusa | sandok | buhat |

**Bahagi 4***:* ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A.** Sa araw na ito ay pag-aaralan natin ang pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo tayo ng mga bagong salita.

Suriin at basahin natin ang mga halimbawa ng **pagpapalit** ng letra o tunog

- **s**iko - palitan natin ang unang tunog nito ng tunog na /p/ ang salitang siko ay naging **p**iko
- pu**n**o – palitan naman natin ang gitnang tunog nito ng tunog na /s/ ang salitang puno ay naging pu**s**o
- kaho**n** – palitan ang huling tunog nito ng tunog na /y/ ang salitang kahon ay naging kaho**y**

**Sabihin:** Kung inyong mapapansin o napuna sa pagpapalit natin ng una, gitna o huling tunog ng bawat salita ay nagkakaroon tayo ng panibagong salita.

Tingnan naman natin ngayon kung paano naman ang pagdaragdag ng tunog upang makabuo naman tayo ng panibagong salita.

Suriin naman natin ang mga halimbawa ng **pagdaragdag** ng letra o tunog

- ugat – kung ito ay dagdagan natin ng tunog na ***/s/*** o letrang **s** sa unahan anong salita ang ating mabubuo **s**ugat
- taon – kung ito ay daragdagan natin ng tunog na ***/p/*** o letrang **p** sa gitna anong salita ang ating mabubuo ta**p**on
- suka – kung ito naman ay daragdagan ng tunog na ***/t/*** o letrang **t** sa hulihan anong salita ating mabubuo suka**t**


**Sabihin:** Gayundin naman sa pagdaragdag ng letra o tunog sa unahan, gitna o hulihan nakabubuo tayo ng panibagong salita. Muli basahin natin ang mga nabuo nating salita.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Sa pagpapalit | siko – piko | puno – puso | kahon – kahoy |
| Sa pagdaragdag | ugat – sugat | taon – tapon | suka – sukat |

Tandaan natin na sa pagpapalit o pagdaragdag at mga letra o tunog maging ito ay sa **unahan**, **gitna** o **hulihan** ng mga salita ay nakabubuo tayo ng mga bagong salita na may bagong kahulugan. Matutukoy mo rin dito ang ugnayan ng teksto at larawan.

Halimbawa:


Paso


laso


mata


lata


sando


sandok

**4B. LARO: "Magbuo Tayo / Word Game"**

Hatiin sa tatlo o apat na pangkat ang mga bata. Unahan sa pagsagot ang mga bata. Ang unang makapuntos ng 5 o mas marami ang puntos siya ang panalo.

**T1.** Ang salita ay **sulok**. Anong salita ang iyong mabubuo kapag papalitan mo ang letrang **s** ng letrang **b.** (Posibleng sagot: **b**ulok)

**T2.** Ang salita ay **kahon**. Anong salita ang iyong mabubuo kapag pinalitan mo ang letrang **k** ng letrang **d.** (Posibleng sagot: **d**ahon)

**T3.** Ang salita ay **ilog**. Anong salita ang iyong mabubuo kapag dinagdagan mo ng letrang **n** sa unahan ng **g** ang salitang **ilog**. (Posibleng sagot: ilo**n**g)

**T4.** Ang salita ay **tawa**. Anong salita ang iyong mabubuo kapag pinalitan mo ang letrang **w** sa gitna ng letrang **s.** (Posibleng sagot: ta**s**a)

**T5.** Ang salita ay **mano**. Anong salita ang iyong mabubuo kapag dinagdagan mo sa hulihan ng salita ng letrang **k.** (Posibleng sagot: mano**k**)

**4C. Sabihin:** Gamit ang inyong Show-Me-Board palitan ang mga letra na may salungguhit para mabuo ang ngalan ng bawat larawan. Isulat ang salitang iyong nabuo.

1. baso  ___aso
2. pusa  pus___
3. sando  sando___
4. tama  _ata
5. tulak  bu__ak

**4D. Tanong:**

Ano ang nangyayari sa salita kapag ang unahan, gitna o hulihang tunog nito ay pinalitan natin ng ibang tunog o letra?

✓ Sa pagpapalit o pagdaragdag ng tunog sa unahan, gitna o hulihan ng salita tayo ay nakabubuo ng panibagong salita. Matutukoy rin natin ang ungnayan ng salita o teksto sa larawan kapag nakabuo tayo ng bagong salita.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- **Sabihin:** Sagutan ang gawain na ito upang makita ko kung lubos ninyong naunawan ang ating aralin sa aralin sa araw na ito.

- A. Kulayan ang kahon ng letrang maaaring ipalit sa letrang may salungguhit.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | **m**ata | **l** | **k** | **d** | Sagot: l - lata |
| 2. | **p**ako | **n** | **s** | **g** | Sagot: s - sako |
| 3. | **y**oyo | **r** | **h** | **t** | Sagot: t - toyo |
| 4. | bot**a** | **i** | **k** | **e** | Sagot: e - bote |
| 5. | wal**o** | **a** | **u** | **c** | Sagot: a - wala |

B. Isulat sa patlang ang letra na maaaring idagdag sa salita.

1. ___ako — Posibleng sagot: sako, pako, lako, dako, tako
2. ___uso — Posibleng sagot: puso, suso, tuso,
3. ___amo — Posibleng sagot: damo, samo,
4. dami___ — Posibleng sagot: damit
5. baga___ — Posibleng sagot: bagal, bagay

- Pagtatapos ng aralin:

**Sabihin:** Mahusay ang ipinakita ninyong kagalingan sa ating talakayan sa araw na ito. Bigyan ng 5 palakpak ang inyong sarili.

Dito nagtatapos ang ating aralin sa araw na ito. Bukas muli nating babalikan ang mga ito para lalo pa kayong mahasa sa pagdaragdag at pagpapalit ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita.

Hanggang sa muli. Paalam!

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

# Day 2: Lesson Plan 4

### Pagpapalit at Pagdaragdag ng mga Tunog Upang Makabuo ng Bagong Salita

## Key Idea

Pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita.

### Most Essential Learning Competencies

- Napapalitan at nadaragdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita;
- Natutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- **Sabihin:** Bago tayo magsimula sa ating aralin para sa araw na ito, ating balikan ang pinag-aralan natin kahapon.
  **Itanong:** Ano ang nangyayari sa isang salita kapag pinalitan o dinagdagan natin ng tunog o letra sa unahan, gitna o hulihan ng salita?

  Mahusay! Sa pagpapalit at pagdaragdag ng letra o tunog sa unahan, gitna o hulihan tayo ay nagkakaroon ng bagong salita. Sa pagbuo natin ng salita matutukoy mo rin ang ugnayan ng salita o teksto sa larawan.

- **Gawain. "Guess the Word o Hulaan Mo?"**
  Gumamit ng plaskard.

| | | Posibleng Sagot |
|---|---|---|
| 1. Kapag pinalitan mo ang **t** sa salitang ito. Anong bagong salita ang iyong nabuo? | ba**t**o | ba**s**o / ba**l**o /ba**r**o |
| 2. Kapag dinagdan mo ng **a** ang salitang ito? Anong bagong salita ang iyong nabuo? | laga | **a**laga / **i**laga |
| 3. Kapag pinalitan mo ang **p** sa salitang ito. Anong bagong salita ang iyong nabuo? | pako | **s**ako / **l**ako |
| 4. Kapag dinagdan mo ng **l** ang salitang ito? Anong bagong salita ang iyong nabuo? | baka_ | baka**l** / baka**t** /baka**s** |
| 5. Kapag pinalitan mo ang **o** sa salitang ito. Anong bagong salita ang iyong nabuo? | suko | suk**i** /suk**a** |

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa pagpapatuloy ng ating aralin kahapon, ikaw ay inaasahang makapagpapalit at makapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng mga bagong salita at matutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Gawain:**

- Basahin ang mga sumusunod na salita na hango sa isang maikling kuwento. Basahin ito nang sabay-sabay ng mga bata, sundan ng pangkatan na pagbasa at isahang pagbasa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Allen – Ellen | laso – paso | minsan – pinsan | anim - tanim |
| sando – sandok | hilig – dilig | malaya – masaya | |

- **Sabihin:** Ito ay ilan lamang sa mga salita na inyong makikita / mapapakinggan sa kuwentpng babasahin ko sa araw na ito.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Pakikinig ng Kuwento**

- **Sabihin:** Ano ang dapat ninyong tandaan kung kayo ay makikinig ng kuwento.
  1. Makinig nang mabuti sa nagkukuwento.
  2. Tandaang mabuti ang mga mahahalagang detalye na inyong napakinggan.
  3. Unawaing mabuti ang kuwentong narinig.

- **Sabihin:** Kung handa na ang lahat, makinig nang mabuti sa aking kuwento.

**Ang Magpinsan**
Ni Rhodora G. Sunglao

Sina Allen at Ellen ay magpinsan. Si Allen ay hilig ang magsuot ng sando. May alaga siyang pusa na may laso sa leeg. Gusto naman ni Ellen ang paso na may anim na puso. Hilig niya ang pagtatanim kaya may sandok siya para sa lupa at pati na rin ang pagdidilig. Paminsan-minsan ang magpinsan ay namamasyal din. Malaya at masaya ang magpinsan sa kanilang mga gusto at nais gawin.

**4B. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:** (Pasalitang pagsagot)

1. Tungkol saan ang napakinggan ninyong kuwento?
2. Sino ang dalawang magpinsan sa kuwento?
3. Ano ang hilig isuot ni Allen?
4. Ano ang kaniyang alaga?
5. Ano ang masasabi mo sa kaniyang pusa?
6. Sino naman ang mahilig sa paso na my puso?
7. Ano ang ginagamit niya sa pagtatanim?
8. Malaya at masaya rin ba sila sa kanilang nais gawin?
   Sa iyong palagay bakit kaya?

**4C. Sabihin:** Tingnan natin ang mga salitang may salungguhit sa kuwento na ating binasa. Tukuyin natin kung ang salita ay nagbago dahil sa pagpapalit o pagdaragdag ng letra o tunog.

Suriin Natin:

- ✓ **Allen – Ellen**

  Ano napansin ninyo sa salita? Paano ito nagbago? Sa pagpapalit ba ng letra o pagdaragdag ng letra? Sagot: **<u>Pagpapalit</u>** ng letra o tunog
  Saan nagbago ang salita? Unahan ng salita
  Anong letra ang pinalitan? Letrang **A** – **A**llen pinalitan ng letrang **E –** naging **E**llen

- ✓ **<u>l</u>aso – <u>p</u>aso**

  Ano napansin ninyo sa salita? Paano ito nagbago? Sa pagpapalit ba ng letra o pagdaragdag ng letra? Sagot: **<u>Pagpapalit</u>** ng letra o tunog
  Saan nagbago ang salita? Unahan ng salita
  Anong letra ang pinalitan? Letrang **l** – **l**aso pinalitan ng letrang **p –** naging paso

- ✓ **minsan – pinsan**

  Ano napansin ninyo sa salita? Paano ito nagbago? Sa pagpapalit ba ng letra o pagdaragdag ng letra? Sagot: **<u>Pagpapalit</u>** ng letra o tunog
  Saan nagbago ang salita? Unahan ng salita
  Anong letra ang pinalitan? Letrang m – **m**insan pinalitan ng letrang **p –** naging pinsan

- ✓ **hilig – dilig**

  Ano napansin ninyo sa salita? Paano ito nagbago? Sa pagpapalit ba ng letra o pagdaragdag ng letra? Sagot: **<u>Pagpapalit</u>** ng letra o tunog
  Saan nagbago ang salita? Unahan ng salita
  Anong letra ang pinalitan? Letrang **<u>h</u>** – **<u>h</u>**ilig pinalitan ng letrang **<u>d</u> –** naging dilig

- ✓ **Malaya – masaya**

  Ano napansin ninyo sa salita? Paano ito nagbago? Sa pagpapalit ba ng letra o pagdaragdag ng letra? Sagot: **<u>Pagpapalit</u>** ng letra o tunog
  Saan nagbago ang salita? Gitna ng salita
  Anong letra ang pinalitan? Letrang **l** – malaya pinalitan ng letrang **<u>s</u> –** naging masaya

- ✓ **sando – sandok**


  Ano napansin ninyo sa salita? Paano ito nagbago? Sa pagpapalit ba ng letra o pagdaragdag ng letra? Sagot: **<u>Pagdaragdag</u>** ng letra o tunog
  Saan nagdagdag ng letra o tunog sa salita? Hulihan ng salita.
  Anong letra ang idinagdag? Letrang <u>k</u> kaya naging **sandok**


**anim – tanim**

Ano napansin ninyo sa salita? Paano ito nagbago? Sa pagpapalit ba ng letra o pagdaragdag ng letra? Sagot: **<u>Pagdaragdag</u>** ng letra o tunog
Saan nagdagdag ng letra o tunog sa salita? Unahan ng salita.
Anong letra ang idinagdag? Letrang **t** kaya naging **tanim**

**4D.** 4D. **LARO.** “STAND BY ME” - **“Pagdaragdag o Pagpapalit”**

Ilagay ang stand sign ng **Pagdaragdag at Pagpapalit** sa harapan. Magpapakita ang guro ng pares ng salita, tingnan kung paano nagbago ang mga salita. Ang pagbabago ba ng salita ay dahil sa pagdaragdag ng letra o tunog o dahil sa pagpapalit nito. Unahan ang mga bata sa pagpila sa stand sign ng **Pagdaragdag at Pagpapalit.** (Ang lahat ng mag-aaral ay maaaring kalahok sa larong ito.)





| Pagdaragdag | Pagpapalit |
|---|---|
| **suso - siso** | **dapa - dampa** |
| **baga - daga** | **bala - balat** |
| **pito - piko** | **maga - umaga** |

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- **Sabihin:** Sagutan ang gawain na ito upang makita ko kung lubos ninyong naunawan ang ating aralin sa araw na ito.
- Pagtatapos ng aralin:

A. Kumpletuhin ang salita gabay ang larawan. Isulat ang sagot sa patlang.


ka__in



daga__



_asa



ga__as


kama__

B. Dagdagan o palitan ng letra/tunog ang mga sumusunod na salita upang makabuo ng panibagong salita.



| | |
|---|---|
| **Sabihin:** | Napakagaling ng ipinakita ninyong kagalingan sa ating talakayan sa araw na ito. Bigyan ng “Firecrackers Clap” ang inyong sarili.<br>Dahil lubos na ninyong nauunawaan ang pagdaragdag at pagpapalit ng mga tunog sa pagbubuo ng bagong salita.<br>Hanggang sa muli mga bata. Paalam! |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin. | |

# Day 3:  Lesson Plan 5

### Pagbabaybay sa mga salitang natutuhan

**Key Idea**

Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin at salitang may tatlo o apat na pantig.

**Most Essential Learning Competencies**


- Natutukoy ang wastong baybay ng pangalan ng nasa larawan.
- Naiuugnay ang larawan sa wastong baybay ng salita; at pantig.
- Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin at salitang may tatlo o apat na


**Bahagi 1:  *Lesson Short Review***


Time: 7 mins.

- Sabihin: Nitong nakaraang araw ay pinag-aralan ninyo ang tungkol sa pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita.
- Ipakita sa mga mag-aaral ang gawain sa *Powerpoint Presentation*

  **Panuto:** Dagdagan ng angkop na tunog ang unahan o hulihan ng bawat salita upang mabuo ang ngalan ng larawan

1. _uso  ______________

4. _ahon  ______________

2. _aso  ______________

5. pit _  ______________

3. _usa 

- Sabihin: Basahin ang mga nabuong ngalan ng larawan.

**Sample answers:**

Q1. puso

Q2. baso

Q3. pusa

Q4. dahon

Q1. Pito

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa aralin na ito ay isusulat ang wastong baybay ng mga larawan na may tatlo o apat na pantig.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- **Laro** sa saliw ng tugtuging Bahay Kubo: Iikot ang kahon na may laman na mga larawan at bubunot.
- **Tanong:** Nasubukan mo na bang bumunot sa loob ng kahon? Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa ito?
- Sabihin: Ngayon, bubunot kayo ng isang larawan sa loob ng kahon.
- Sa paghinto ng tugtog, ihanda ang larawan na iyong nabunot.
  Tanong:
  1. Anong larawan ang iyong nabunot?

- Idikit sa pisara at isulat sa pisara ang tamang baybay sa ngalan ng nabunot na larawan.

Halimbawang Sagot:

1. baso
2. pisara
3. prutas
4. elepante
5. bintana

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Gawain 4A**

- Sabihin: Kanina ay bumunot kayo ng mga larawan sa kahon. Ngayon atin ng iugnay ang larawan sa wastong baybay ng salita.

- Ihanda ang mga larawan ng nakataob, at sampayan kung saan isasabit ang mga larawan.
- Sabihin: Pumili ng larawan, isabit sa sampayan at isulat ang wastong ngalan o tamang baybay.

  Tanong

  1. Ano ang wastong baybay para sa pangalan ng nasa larawan?

  Paisa-isang bigkasin ang mga letra nang may wastong pagkakasunod-sunod

**Gawain 4B**

- **Laro: Dice**


  Ihanda ang larawan na nakadikit sa kahon

  Sabihin: Kumuha ng kapares pumili ng kaklase kung sino ang maghagis ng Dice na may nakadikit na larawan at kung sino ang tagasulat ng tamang baybay para sa larawan.


**Gawain 4C**

- ang mga larawan at tukuyin ang wastong baybay ng ngalan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

*.1. ibon*



*3. pinto*




*2. Kamay*





*5. salamin*

*4. baso*




**Gawain 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- **Sabihin:** Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang mga gawaing ito.
- Basahin o pakinggan ang bawat katanungan. Isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.

  Pagkatapos ng aralin:

- Pagkatapos ng aralin:

1. Ano ang wastong salita ayon sa binabaybay
   Key-ey-ay-bi-ay-dzi-ey-en (kaibigan)
2. Ano ang wastong baybay ng nasa larawan?
    siyam
3. Ano ang wastong baybay ng nasa larawan?
    aklat
4. Tukuyin ang letrang binabaybaysa bi-ey-bi-ey-e
   a. bibe b. babae c. beybi
5. Saan ka dapat magtapon ng basura?
   a. sa sahig b. sa basurahan c. sa mesa

**Sabihin:** Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay sa pagbabaybay.

**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan, *realia* at iba pang kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang higit na maunawaan ng mga bata ang aralin.

# Day 3: Lesson Plan 6

## Pagbabaybay sa mga salitang natutuhan

**Key Idea**

Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin at salitang may tatlo o apat na pantig.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nababaybay ang mga salitang may 3 hanggang 4 na pantig.
- Nababasa ang mga salita ng may 3 hanggang 4 na pantig.
- Naipapalakpak ang mga salitang may 3 hanggang 4 na pantig.
- Napapahalagahan ang iba't-ibang pagdiriwang /tradisyon ng pamilya.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.


- Sabihin: Nitong nakaraang araw ay pinag-aralan ninyo ang tungkol sa pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita.
- Ipakita sa mga mag-aaral ang gawain sa *Powerpoint Presentation*
  **Panuto:** Sabihin ang ngalan ng bawat larawan at isulat ang nawawalang pantig.



1. bo___



2. pa___



3. __lap



4. ka___



5. bulak___

- Sabihin: Basahin ang mga nabuong ngalan ng larawan.

**Halimbawang sagot:**

Q1. bota

Q2. paso

Q3. ulap

Q4. kama

Q5. bulaklak

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

Sabihin: Sa aralin na ito ay isusulat ang wastong baybay ng mga larawan na may tatlo o apat na pantig.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- **Laro: Spin a Wheel**
- **Tanong:** Nasubukan mo na bang maglaro ng *Spin a Wheel*? Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa ito?
- Sabihin: Ngayon, ay paiikutin ko ang roleta, sa paghinto nito ay sabihin ang ngalan ng larawan na nakatutok sa *arrow.*
- Ihanda ang mga larawan at ipangkat ang klase sa 2 o 3,

Tanong:

- Anong larawan ang nakikita?

Sabihin:

Isulat ang sagot sa sagutang papel

**Halimbawang Sagot:**

1. kaarawan 
2. kasal 
3. regalo 
4. sing-sing 
5. masaya 

**Bahagi 4*:***
***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Gawain 4A**

- Sabihin: Kanina ay nagpaikot tayo ng roleta. Ngayon naman ay magbabasa tayo ng maikling kuwento.

- **Laro: Pasahan ng Bola:**
- Magdaos ng pangkalahatang laro sa pagpapantig ng mahahalagang pangyayari I at tradisyon sa pamilya.
- Ihanda ang babasahing pangyayari at tradisyon sa pamilya.

**Ang Aming Pamilya**

Masaya ang aming pamilya. Sa tuwing kaarawan ko at ni kuya ay nagluluto si nanay ng masarap na spaghetti. Sa anibersaryo naman nila ni tatay ay lumalabas kami para kumain sa restawran. Sa darating na buwan ng Mayo magbabakasyon kami sa probinsya upang dalawin sina lolo, lola, tiya, tiyo at mga pinsan ko. Simple ngunit masaya ang pamilya ko.

Mga Tanong sa Laro

1. Anong niluluto ng nanay tuwing kaarawan ko at ni ate?
2. Saan sila kumakain kapag anibersaryo ng kanilang magulang?
3. Kailan sila magbabakasyon?
4. Sino-sino ang dinadalaw nila sa probinsya?
5. Anong uri ng pamilya mayroon sila?

**Gawain 4B**

- Ihanda ang mga letra na buuin at ipangkat ng 2.
- Sabihin: Basahin ang pangungusap at ayusin ang mga letra upang mabuo ang sagot sa tanong. Isulat ang sagot sa *show me board.*

1. Sino ang tinutukoy na ilaw ng tahanan?
   a n y n a
2. Ano ang karaniwang ginagamit na pansulat ng mag-aaral sa unang baitang?
   p i s l a
3. Anong uri ng pagkain ang dapat kainin upang ikaw ay makaiwas sa sakit?
   y a g u l
4. Bagay na sinusuot o sapin sa paa.
   n e l a s t s i
5. Siya ang nagtuturo para matuto magsulat, magbasa at magbilang.
   r o g u

- Sabihin: Basahin ang mga nabuong salita. Ilang pantig mayroon ang bawat salita?

Ipalakpak ng kamay ang bawat pantig ng salita

- Sabihin: Ipasa ang bola sa saliw ng tugtuging „Nasaan si Tatay". Pahinto ng tutog ay may tanong tungkol sa binasang "Ang Aming Pamilya"
-

**Gawain 4C**

- Pantigin ang mga sumusunod na salita. Isulat sa patlang ang bilang ng pantig sa bawat salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel. (Worksheet)
  1. matalino-_______________
  2. salamin-________________
  3. abogado-_______________
  4. prutas-_________________
  5. matibay-________________

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para malaman kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang mga gawaing ito.
- Pagbabaybay: Idikta ng guro ang mga salita.
- Isulat sa papel ang tamang baybay ng mga salita na sasabihin ng guro .

- *bulaklak*
- *hangin*
- *tangkay*
- *tubig*
- singkamas

- Pagkatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin paghandaan ang pabibigay ang susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento.

**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan, *realia* at iba pang kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang higit na maunawaan ng mga bata ang aralin.

## Day 4: Lesson Plan 7

### Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Napakinggang Kuwento

## Key Idea

- Pagbibigay ng susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento.

**Most Essential Learning Competencies**

- Pagbibigay ng susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento. (F1 -IVe -9)

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- **Sabihin:** Noon nakaraang araw, napag-aralan niyo ang tungkol sa pagbabaybay nang wasto sa mga salitang may tatlo at apat na pantig.


- **Panuto:** Sagutin ang mga tanong at sabihin ang letra ng tamang sagot.

1. Siya ang tinatawag na ilaw ng tahanan. Alin ang tamang baybay nito?



A. ena
B. ina
C. una

2. Ano ang tamang baybay ng salitang tinutukoy sa larawan?



A. lababo
B. lababu
C. lababoo

3. Ito ang nilalagyan natin ng ating pagkain. Ano ang tamang baybay ng salitang tinutukoy sa L arawan?



A. pato
B. plato
C. pluto

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito matutunan mong magbigay ng angkop na susunod na pangyayayi sa kuwentong inyong napakinggan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.


**Laro: Find the Match!**


- **Sabihin:** May mga nababasa tayong mga salita na hindi natin alam ang kahulugan kaya minsan hindi natin lubos nauunawaan ang ating binabasa. Ngayon, alamin natin ang kahulugan ng mga salita sa tulong ng mga larawan.

- Maglalaro tayo ng *“Find the Match!”*. Bibigyan ko kayo ng salita na nakasulat sa isang istrip ng papel at hahanapin niyo ang katumbas na larawan nito.

- Ihanda ang mga larawan at mga salita na nakasulat sa istrip ng papel. Pangkatin ang mga bata sa apat.

| | |
|---|---|
| Agila | oso |
| kagubatan | nakakubli |






- **Tanong:** Tungkol saan ang larawan na hawak niyo?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A. Pakikinig ng Kuwento**

- **Sabihin:** Ngayon, magbabasa ako ng isang kuwento na pinamagatang “Si Agilang Matulungin”.
- Bago basahin ang kuwento, ilahad sa mga bata ang mga alituntunin na dapat sundin habang nakikinig sa kuwentong babasahin ng guro.

- **Sabihin:** Narito ang mga alituntunin na dapat sundin habang kayo ay nakikinig sa kuwentong babasahin ko.

**Mga Alituntunin sa Pakikinig ng isang Kuwento**
1. Makinig nang mabuti sa nagkukuwento.
2. Isulat ang mahahalagang detalye na inyong napakinggan sa kuwento.
3. Unawaing mabuti ang kuwento.

**Si Agilang Matulungin**

akda ni Varren T. Pechon

Isang araw, si Agila ay masayang palipad lipad sa himpapawid nang may narinig siyang sigaw na humihingi ng tulong sa isang kagubatan. Tulong! Tulong! Dali-dali siyang bumaba sa kagubatan at hinanap ang pinanggalingan ng boses. Isang daga na tuwang-tuwa ang nakita niya na nakakubli sa isang puno. “Ano po ang nangyari sa iyo kaibigang daga?”, tanong ni Agila. Wala po, sinubukan ko lang po kung talagang abot hanggang himpapawid ang aking boses. Pagkalipas lang ng isang oras, biglang may malaki at gutom na oso ang dumating. Agad na sumigaw si Daga ng, Tulong! Tulong!

- **Sabihin:** Mga bata handa na po ba kayong makinig sa kuwentong babasahin ko?

**Bahagi 4B. Tanong:**

1. *Sino ang nanghihingi ng tulong kay Agila?*
2. *Saan nanggaling ang boses na narinig ni Agila?*
3. *Ano katangian na taglay ni Agila?*
4. *Bakit biglang sumigaw uli ng tulong si Daga?*
5. *Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari?*

**4C. Hulaan Mo Ang Kasunod!**


- Maghanda ng mga larawan at ipatukoy sa mga bata ang sunod na mangyayari.
- **Sabihin:** Gamit ang mga larawan na nasa ibaba, iguhit at isulat sa loob ng kahon ang susunod na mangyayari.



gumising



naligo




kumain

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- **Sabihin:** Kumpletuhin ang kuwento sa pamamagitan ng pagpili ng titik ng tamang susunod na larawan.



A.  B.  C. 

1. Inabot na ng ika-sampu ng gabi si Ben sa kakapanuod ng telebisyon. Alin ang susunod na mangyayari?
   A. Gigising siyang gutom.
   B. Gigising siya nang maaga.
   C. Gigising siya nang tanghali.

2. Tuwing pagkagaling sa eskuwelahan, si Lorna ay nagsasanay magbasa kasama ang kaniyang nanay. Ano ang susunod na mangyayari kay Lorna?
   A. Matututo siyang magbasa.
   B. Matututo siyang magsulat.
   C. Matututo siyang magsalita.

- Pagtatapos ng aralin:

**Sabihin:** Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay tutukuyin naman natin ang paksa ng isang talata.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

## Day 4: Lesson Plan 8

### Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Napakinggang Kuwento

## Key Idea

- Pagbibigay ng susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento.

**Most Essential Learning Competencies**

- Pagbibigay ng susunod na mangyayari sa napakinggang kuwento.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- **Sabihin:** Nakaraang araw, napag-aralan niyo ang tungkol sa pagbabaybay nang wasto sa mga salitang may tatlo at apat na pantig. Tingnan ang larawang ito. Sagutan ang mga tanong.



magsasaka

mag-sa-sa-ka

- Tanong:

1. Ano ang nakikita niyo sa larawan?
2. Ano ang tawag natin sa taong nasa larawan?
3. Ilang pantig mayroon sa salitang magsasaka?
4. Sino ang kasama ng magsasaka sa pag-aararo?
5. Ilang pantig ang salitang kalabaw?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito matutunan mong magbibigay ng angkop na susunod na pangyayayi sa kuwentong inyong napakinggan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Gawain:**

- Bago basahin ang kuwento, ipatukoy sa mga bata ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa kuwentong babasahin upang lubos nila itong mauunawaan sa

pamamagitan ng isang laro. Maghanda ng mga makukulay na istrip ng papel na may nakasulat na titik.


- **Sabihin:** Maglaro tayo! Hulaan niyo ano ang salitang mabubuo mula sa mga titik na nasa loob ng kahon. Ayusin ang mga titik upang makabuo ng wastong salita na tumutukoy sa bawat larawan.

- Pangkatin ang mga bata sa lima at bigyan ang bawat pangkat ng isang larawan at mga istrips ng papel na may nakasulat na mga titik.

**Unang Pangkat** **Ikalawang Pangkat** **Ikatlong Pangkat**






| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| N | A | A | H | M | L | A |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| P | A | A | T | B | A |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| E | S | P | T | E |

**Ika-apat na Pangkat** **Ikalimang Pangkat**



| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | A | S | S | A | K | M | G | A |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | I | P | S | T | I | D | E | Y |

- Tanong: Ano ano ang mga salitang nabuo niyo?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A. Pakikinig ng Kuwento**

- **Sabihin:** Dahil alam niyo na ang kahulugan ng mga mahihirap na salita na ginamit sa kuwento, makinig at unawain nang mabuti ang kuwentong babasahin ko sa inyo upang maibigay niyo ang angkop na susunod na mangyayari.
- Bago basahin ang kuwento, ilahad sa mga bata ang mga alituntunin na dapat sundin habang nakikinig sa kuwentong babasahin ng guro.

- **Sabihin:** Narito ang mga alituntunin na dapat sundin habang kayo ay nakikinig sa kuwentong babasahin ko.

  **Mga Alituntunin sa Pakikinig ng isang Kuwento**
  1. Makinig nang mabuti sa nagkukuwento.
  2. Isulat ang mahahalagang detalye na inyong napakinggan sa kuwento.
  3. Unawaing mabuti ang kuwento.

- **Sabihin:** Mga bata handa na po ba kayong makinig sa kuwentong babasahin ko?

**Ang Masipag na Magsasaka**
akda ni Varren T. Pechon

Araw-araw ay maagang gumigising si Mang Kardo upang magtungo sa bukid. Pagkatapos niyang maligo ay kumakain siya ng almusal at agad umaalis ng bahay upang maagang makapgsimula ng pagtatrabaho. Nagtatrabaho siya nang mabuti upang mapangalagaan ang kanyang mga halaman laban sa peste sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang dami ng pestisidyo at pagbubunot ng mga damo. Lagi niyang dinidiligan at nilalagyan ng pataba sa lupa ang kanyang mga pananim upang maging malusog ang mga ito.


**Bahagi 4B. Mga Tanong:**

1. *Tungkol saan ang kwentong binasa mo?*
2. *Sino ang tauhan sa kuwento?*
3. *Ano-ano ang mga ginagawa ni Mang Kardo upang mapangalagaan ang kanyang mga halaman?*
4. *Ano ang katangian ng tauhan sa kwento?*
5. *Bakit kailangang lagyan ni Mang Kardo ng pataba ang kanyang mga halaman?*
6. *Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari?*

**4C. Hulaan Mo Ang Kasunod!**

- Maghanda ng mga larawan at pagsunud sunurin ang mga ito ayon sa pangyayari at ipatukoy sa mga bata ang pinakahuling mangyayari.

- **Sabihin:** Mula sa kuwentong binasa, piliin sa loob ng kahon ang angkop na larawan na nagpapahayag ng maaaring sunod na mangyayari.



**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- **Sabihin:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon. Ibigay ang angkop na susunod na mangyayari at isulat ang sagot sa patlang.

- Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon. Isulat sa patlang ang inyong sagot.

1. Si Karen ay madalas kumakain ng kendi at hindi nagsisipilyo ng ngipin.

   ______________________________________________________

2. Hindi mahilig kumain ng gulay at prutas si Rixel.

   ______________________________________________________

3. Nagmamadaling pumasok sa paaralan si Arya kaya naiwanan niya ang kanyang baon.

   ______________________________________________________

- Pagtatapos ng aralin:
- **Sabihin:** Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay tutukuyin naman natin ang paksa ng isang talata.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

# Day 5: Lesson Plan 9

## Naibibigay ang paksa ng talata

**Key Idea**

●Naibibigay ang paksa ng tula at talatang napakinggan

**Most Essential Learning Competencies**

- Naibibigay ang paksa ng talatang napakinggan.
- Nasasabi ang paksa ng talatang napakinggan.
- Naibibigay ang palatandaan salita na nasa talata bilang gabay sa pagtukoy ng paksa.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

**Awit: Bahay kubo**

- **Sabihin:** Kumusta kayo sa araw na ito mga bata? *Excited* na ba kayo sa ating gawain ngayon? Bago tayo magsimula sa bagong aralin ating balikan ang aralin na ating natutuhan kahapon.
  - ➢ Magpapakita ang guro ng isang sitwasyon at ipasasabi kung ano ang maaring sumunod pangyayari.

  **Tanong:**

  Paano ninyo nahuhulaan ang maaring sumunod na pangyayari ng isang sitwasyon?

  **Posibleng Sagot:**

  Maari nating mahulaan ang susunod na pangyayari sa pamamagitan ng nangyari na sa atin ang ipinakita sa larawan.
- **Ipaawit:** "Bahay Kubo"

  **Tanong:**

  1. Masaya bang awitin ang "Bahay Kubo"?
  2. Ano – ano ba ang binabanggit sa awitin?
  3. Saan nagmula ang mga bunga nito?

  **Posibleng sagot:**

  1. Opo, masayang awitin ang "Bahay Kubo".
  2. Ang mga binabanggit po sa "Bahay Kubo" ay mga prutas at gulay.
  3. Nagmula po ito sa mga **halaman sa paligid ng kubo.**

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutuhan ninyo ang pagtukoy ng paksa sa mapapakinggan ninyong talata o kuwento.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Guess Mo?**

- **Tanong:** Mabilis ka bang tumakbo? Malakas ka bang lumundag? Magaling tumapak? Ano ang ginagamit mo para magawa mo ito?

- **Sabihin:** Ngayon ay maglalaro tayo gamit ang inyong mga binti at paa. Tingnan natin kung ang bilis ng paggalaw ng inyong binti at paa ay sinbilis din ng inyong isip na ibigay ang sagot.

1. Ihanda ang mga larawan/salita na kanilang tatapakan. Siguraduhing matibay ito at di masisira kaagad.

2. Babasahin ng guro ang maikling talata at pipiliin ng mga bata ang tinutukoy nito sa pamamagitan ng paunahan sa pagtakbo, paglundag at pagtapak sa larawan na kanilang magiging sagot.

3. Ang unang 6,5,4,3,2, at 1 na manlalaro na makakasagot ng tama ay siya lamang ang maaring magpatuloy sa paglalaro.

4. Ang lahat ng mag - aaral ay kabilang sa paglalaro.

5. Ang matirang mag - aaral ay siyang mananalo.

6. Ang Mananalo ay magkakamit ng star bilang *badge* ng kanyang pagkapanalo na iipunin niya hanggang sa matapos ang aralin.

- Basahin ang bawat talata:

| Talata | Paksa |
|---|---|
| Ang pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan ay mahalaga upang mapanatili ang kalinisan ng ating kapaligiran. Kailangan nating alagaan ang kalikasan upang mapanatili ang kagandahan ng ating mundo para sa mga susunod na henerasyon. | Pag-aalaga sa Kalikasan |
| Ang pagiging mabuting mamamayan ay nagpapakita ng respeto sa kapwa at sa ating bansa. Sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nangangailangan at pagsunod sa batas, tayo ay nagiging ehemplo ng kabutihan sa ating lipunan. | Pagiging Mabuting Mamamayan |
| Ang pagpapakita ng kagandahang-asal tulad ng paggalang sa mga nakatatanda at pagiging magalang sa kapwa ay mahalaga sa pagbuo ng magandang ugnayan sa ating mga kaibigan at pamilya. | Kagandahang Asal |
| Ang edukasyon ay susi sa tagumpay at magbubukas ng maraming oportunidad sa hinaharap. Dapat nating pag-aralan ng mabuti ang ating mga aralin at makinig sa ating mga guro upang magtagumpay sa buhay. | Pagpapahalaga sa Edukasyon |
| Ang pagkain ng mga prutas at gulay at ang regular na ehersisyo ay mahalaga upang manatiling malusog. Dapat din nating sundin ang tamang paraan ng paghuhugas ng kamay at pag-iingat sa ating katawan upang maiwasan ang sakit. | Pagiging Malusog |

- **Tanong: (Paisa - isang itatanong)**

1. Paano ninyo nahulaan ang mga paksa na pinag – uusapan at nilalaman sa bawat talatang aking napakinggan?
2. Ano - ano ang mga palatandaan upang maibigay ninyo ang tamang sagot?

**Posibleng Sagot:**

1. Kinukuha naming kung ano o sino po ang pinag – uusapan o kaya inilalarawan sa napoakinggan naming kuwento.
2. Pinakikinggan po naming ung mga salitang may kaugnayan po sa pinag – Uusapan

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A**

**Game: Chika si Artista**

- Sabihin: Kanina ay nagkaroon tayo ng larong "Guess Mo" upang matukoy natin ang binabanggit sa binasang talata. Ngayon naman ay mas tuklasin natin ang mga bagay – bagay na pinag – uusapan o inilalarawan sa binabasang talata upang matuklasan natin ang paksa nito.
    - Ihanda ang mga ilang mga kagamitan na gagamiting *props* at ilagay ito sa isang kahon na ibibigay sa bawat pangkat ng klase.
    - Ang bawat pangkat ay maghahanda ng *show me board* at panulat kung saan doon nila isusulat ang paksa na isinadula sa napakinggan talata.
    - Bawat pangkat ay may itinalagang bilang ng talata na kukunan nila ng paksa na isusulat nila sa *show me board*.
- Sabihin: Kunin ang mga *props* sa loob ng kahon at ibigay ito sa inyong miyembro at pakinggan ang babasahing talata at isasadula ito. Itala ng inyong pangkat ang paksa ng talatang isinadula at napakinggan sa talata.
- Isasagawa na ang laro ng mga buong klase.
- Pakinggan at panoorin ang pagsasadula ng detalyeng bawat talata ng bawat pangkat. Itala ang paksa ng bawat talata.

**Talata 1**

Noong unang panahon, may nakatirang mag-ina sa isang malayong pook. Ang ina ay si Aling Rosa at ang kanyang anak ay si Pinang. Dahil sa sobrang **pagmamahal** ni Aling Rosa sa kanyang **bugtong** na anak, ay lumaki si Pinang na laging nasa layaw. Gusto ng ina na matuto si Pinang ng mga gawaing bahay, ngunit laging ikinakatwiran ni Pinang na alam na niya ang lahat ng itinuturo ng ina.**Mahal** niya si Pinang kaya't hanggat maari siya ang gumagawa sa bahay para **di mapagod ang kanyang anak** na si Pina.



**Talata 2**

Isang araw nagkasakit si Aling Rosa at di niya kayang gumawa ng mga gawaing bahay kung kaya't inutusan niya si Pina na gumawa ng mga gawaing bahay. Ngunit si Pina ay **ayaw kumilos** at nais lamang nito ay maglaro. Minsan ay inutusan niya itong magluto ng **lugaw** ngunit ito ay **nasunog** dahil **iniwan niya itong nakasalang** at **nagpatuloy sa paglalaro**.



**Talata 3**

Dahil sa nangyari sa lugaw ay lalong nagkasakit si Aling Rosa. Imbes na si Pina ang gumawa ng gawaing bahay ay si Aling Rosa ang **gumawa kahit maysakit**. Ngunit di na niya nakayanan kaya inutusan niyang muli si Pina ngunit ito ay nagdabog na sumunod sa kanyang nanay. Sa bawat pagkilos nito sa bahay ay lagi nalang may dabog at tanong.**Nainis** na si Aling Rosa dahil sa ipinakikita ng kaniyang anak **kaya't sinabi niyang sana ay magkaroon siya ng maraming mata upang makita niya lahat ng bagay na kaniyang hinahanap**. Simula noon ay **nawala na si Pina** at di na muling nakita ng kanyan ina.



**Talata 4**

Nang makita ni Aling Rosa ang isang halamang hindi niya alam ang pangalan sa kanyang bakuran, inalagaan niya ito hanggang sa ito'y magbunga. Sa kanyang pagkamangha, nakita niya ang bunga na hugis ng ulo ng tao na **napapalibutan ng maraming mata**. Naalala niya ang huli niyang sinabi kay Pinang at napagtanto niya na ang **halamang ito ay sagisag ng kanyang anak**. Tinawag niya itong Pinang at sa palipat-lipat na pagbigkas ng mga tao, naging **"pinya"** ang **pangalan ng bunga**.



**Bahagi 4B**

- Babasahin o pakikinggan ng guro ang mga sagot ng bawat pangkat.
  Posibleng Sagot ng bawat pangkat:
  **Pangkat 1:** Mapagmahal na ina
  **Pangkat 2:** Tamad na anak
  **Pangkat 3:** Parusa sa anak
  **Pangkat 4:** Pinagmulan ng Pinya

- **Sabihin:** Ang mga sagot ninyo sa bawat talatang isinadula ay tinatawag na “Paksa”.

  Ang **“paksa”** ay matutukoy sa pamamagitan ng pagkuha ng pangunahing ideya na pinag-uusapan o inilalarawan sa talata.

  Maari ring makatulong sa pagtukoy ng paksa ang **mga larawan** at **paulit- ulit na mga salitang ginagamit** sa talata.

  Maaring makita ang paksa sa pamagat ng kuwento, **una** at **huling pangungusap** ng kuwento.

**Bahagi 4C**

**Game: Gusto ko ang Sorbetes**

- **Sabihin:** Pumili kayo ng gusto ninyong larawang apa na nasa pisara. Sa likod ng larawang apa ay may mga detalyeng nakatala. Basahin at piliin ang angkop na sorbetes na ilalagay sa inyong apa na siyang paksa ng detalye.

  Ihahanda ng guro ang mga larawan ng apa na may detalye at sorbetes na may tala ng paksa. Gawin itong makulay.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

**Pagbabahagi ng natutuhan.**

- Natutunan kong ibigay ang ___________ng bawat talata.
- Sa pagtuklas ng talata ginamit ko ang ______________na nagsasabi ng pinag – uusapan at _____________sa bawat detalye ng talata.

| **Paksa** | **pinag - uusapan** | **inilalarawan** |
|---|---|---|

- Ang bawat bata ay bibigyan ng guro ng “star” bilang badge na nagsasabi na mahusay nilang pagganap sa klase.

**PAALAALA:** Paghahanda sa mga ilan pang mga talata o tula para sa karagdagang pagkatuto sa susunod na araw.

## Day 5: Lesson Plan 10

**Naibibigay ang paksa ng talata.**

### Key Idea

- Naibibigay ang paksa ng talata at tula.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakatutukoy ng paksa ng isang talata batay sa larawan at detalyeng ipinahihiwatig.
- Nagagamit ng mag – aaral ang kanilang kasanayan sa pakikinig sa pagbibigay ng paksa ng talatang napakinggan.
- Maipakita ng mag – aaral ang kanilang pang – unawa sa paksa mula sa napakinggang talata sa pamamagitan ng pagsasalaysay.

**Bahagi1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

- Simulan ang klase sa isang maikling panalangin, pagbati at ehersisyo ng mga mag – aaral.
- Bago magsimula sa panibagong aralin, magkaroon ng maikling pagbabalik tanaw sa napag – aralang aralin kahapon.
- Magpapakita ang guro ng isang larawan na may talata. Magbibigay ang ilang mag – aaral ng sarili nilang kaisipan ukol sa larawan ipinakita.Babasahin ng guro ang isang maikling talata.

- Sabihin: Makinig sa pagbasa sa bawat talata.

- **Tanong:**

Ano ang maaring paksa ng napakinggan ninyong talata?
Ano – ano ang mga detalyeng napakinggan ninyo na nakatulong upang maibigay ang paksa ng talatang napakinggan.




Ang gatas ay isang masarap at masustansiyang inumin. Ito ay nagmula sa gatas ng baka, kambing, at iba pang mga hayop. Ang gatas ay kulay puti at malinamnam ang lasa. Ito ay mayaman sa kalsyum na nagpapatibay ng buto at ngipin. Ang pag inom ng gatas araw-araw ay nakapagpapalakas at pampalusog.

**Paksa:**______________________

**Pantulong na detalye:**______________________



Ang bahay ni lola ay malaki at maganda ito ay kulay puti ay may maraming mga bulaklak sa bakuran. Sa loob ng bahay, may malambot na mga upuan at mga laruan.Mayroon ding malaking mesa kung saan kami nagkakainan kapag dumadalaw kami kay lola. Sa bawat sulok ng bahay, mayroong mga larawan ng aming pamilya. Sa likod ng, may malawak na hardin na maraming halaman na namumunga at namumulak na alagang alaga. Ang bahay nil Lola ay puno ng pagmahal at saya kaya lagi kaming dumadalaw dito.

**Paksa:**______________________

**Pantulong na detalye:**______________________

- Magpapakita ang guro ng isang Mystery Box. Ang mystery box ay may lihim na bagay.




**Tanong:**
Ano ang nasa ionyong isip at posibleng laman ng kahon na ito?

- Bubuksan ng guro ang kahon at isa – isang ipakikita ang laman nito. (bola, aklat, lapis at pera)
- Itatanong ng guro kung paano nila nakuha ang tamang laman ng kahon. Bibigyan ng diin ng guro na ang pagbibigay ng pangunahing ideya o paksa ay parang panghuhula.kung saan kailangan nilang tingnan ang mga detalye para ito maunawaan.
- Sa araling ito ay naglalayon na matutuhan ang pangunahing pagbibigay ng paksa ng isang talata mula sa napakinggang talata.

**Bahagi 2**: **Lesson Purpose/Intention**
Time: 3 mins.

Sa araling ito ay matutuhan ninyo na matukoy ang paksa sa mapapakinggan talata at tula.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

- Sabihin: Basahin nattin ang mga sumusunod na salita. Babasahin ko at susundan ninyo naman.

| bakuran | hapunan | naghandog | luntian |
|---|---|---|---|

- Ibibigay ng guro ang kahulugan nito gamit ang larawan o maikling salita na naglalarawan sa mga salitang ito.

**hapunan – oras ng pagkain sa gabi**
**bakuran – tapat at labas ng inyong bahay**
**naghandog – nagbigay**

- Ipapagamit ng guro sa pangungusap ang mga salita.

- Posibleng sagot:
    1. Malinis ang bakuran ng aming bahay.
    2. Sabay – sabay na naghapunan ang pamilya naming.
    3. Naghandog ng regalo ang lola niya sa kanyang kaarawan
    4. Ang mga dahon ay luntian.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.
**Bahagi 4A**

- Basahin ang talata para sa mga bata at susundan ito ng tanong.



Tungkol ito kay Mia isang mabait at masayahing batang babae na laging naglalaro sa kanyang hardin. Isang araw, habang siya ay naglalaro ng tagu-taguan sa loob ng kanilang bakuran, siya ay biglang narinig ang malakas na tili ng kanyang lola mula sa kanyang bahay. "Dumating na ang aking kaibigan! May dala siyang maraming mga gulay mula sa kanyang taniman," sabi ni Lola.

1. Sino ang bata sa kuwento?
2. Nasaan ang bata?
3. Sino ang dumating?



"Dumating ang aking kaibigan! May dala siyang maraming mga gulay mula sa kanyang taniman," sabi ni Lola. Si Mia ay naging sobrang saya at nagmadaling tumakbo sa loob upang salubungin ang kaibigan ng kanyang lola. Ang kanyang lola ay naghandog sa kanilang bisita ng mga malalaking ngiti at mainit na yakap. Pagkatapos, silang tatlo ay nagtulungan upang maghanda ng masarap na hapunan para sa lahat.

1. Ano ang dala ng bisita?
2. Ano ginawa ni Mia sa bisita?
3. Ano ang pinagtulungan nilang gawin?



Samantala, sa labas ng bahay, ang mga halaman sa hardin ni Mia ay nagiging luntian at masigla dahil sa mainit na sikat ng araw at malakas na ulan noong nakaraang gabi. Habang sila ay nag-aayos ng hapunan, napansin ni Mia na ang kanyang halaman ay nangangailangan ng tubig. Agad siyang tumakbo patungo sa poso ng tubig at nagdala ng isang malaking timba upang paliguan ang mga halaman niya. Matapos maglaan ng tubig,ang mga halaman ni Mia ay biglang nagkaroon ng sigla at kulay.

1. Ano ang napansin ni Mia sa mga alagang halaman nila?
2. Ano ang ginawa niya sa mga halaman?
3. Ano – ano ang mga nagawa ni Mia sa araw na iyon?



Natapos ang hapunan at nagpa-alam na ang kanilang bisita. Ang lola ni Mia ay nagpasalamat sa kanya sa pagtulong sa pag-aayos ng hapunan at sa pag-aalaga ng kanilang halamanan. Pagkatapos ng maganda at masayang araw, natutunan ni Mia ang kahalagahan ng pagtulong sa pamilya at pag-aalaga sa kalikasan. Siya ay napagtanto na ang pag-aalaga sa mga halaman ay tulad din ng pag-alaga sa sarili nating pamilya.

1. Ano ang ginawa ng kaniyang lola sa kanya?
2. Ano ang natutunan ni Mia sa araw na iyon?
3. Saan niya inihalintulad ang pag – aalaga ng halaman?


- **Pagkatapos ng kuwento magtatanong ang guro sa mga mag – aaral.**
- **Tanong:**
  Ano – ano ang mga detalye ang paulit – ulit na ginawa ni Mia sa kuwento?
  Ano sa palagay ninyo ang maaring paksa sa kuwentong binasa?
- **Sasabihin:**Basahin ang huling pangungusap ng kuwento.
- **Tanong:**
  Ano ang pumapasok sa inyong isipan tungkol sa ginawa ni Mia at ng hulingpangungusap?
- **Posibleng Sagot:**
  Magkatulad po ang kanilang pangungusap at detalye. Paulit – ulit po.
- **Tanong:**
  Sa iyong palagay, ano kaya ang paksa ng kuwento?
- **Posibleng sagot:**
  Pagtulong po ni Mia sa kaniyang pamilya.
  Pag – aalaga po sa mga halaman.
- **Tanong:**
  Paano ninyo maibibigay ang isang paksa ng mapakinggan kuwento?
  Ano – ano ang maaring palatandaan sa pagkuha ng paksa sa kuwento?

- **Posibleng sagot:**
  Maaring maibigay ang paksa ng kuwento sa pamamagitan ng mga salitang paulit – ulit na nasa kuwento.

  Maari rin pong makita sa hulihan at pwede rin po sa unahan ng kuwento ang paksa.

**Bahagi 4C**

- **Sasabihin:** Subukan natin ang inyong kakayahan sa pagbibigay ng paksa sa kuwento. Bibigyan ko kayo ng sagutang papel at sundan ninyo ang aking pagbasa ng isang maikling talata. Isulat ninyo sa guhit ang paksa na binanggit sa talata. May larawan din na makakatulong sa inyo upang makuha ninyo ang paksa.



**Almusal**

Maraming masasarap na pagkain ang maari mong kainin sa almusal. Ang una mong maaring kainin ay ang itlog. Kasunod nito ay maaring lugaw. May mga tao rin naman ang gusto ay pancake o pandesal. May ilan ay mga hotdog at bacon ang gusto. Ang donat ay matamis na tinapay na masarap din kainin sa umaga bago ka magsimula sa iyong gawain. Maraming masasarap na pagkain sa ma pwede kainin sa almusa.

**Isulat ang paksa ng talata sa guhit**

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- **Sasabihin:**
  Mahusay ang inyong ipinakitang pagganap sa mga gawain at pagtatalakay ng ating aralin. Bibigyan ng guro ang mga mag – aaral ng badge ng “star” tanda ng kanilang pakikiisa at kagalingang ipinakita.

**PAALAALA:** Kunin ang mga sagutang papel na ginamit at sinagutan ng mga bata upang masukat ang kanilang pagklatuto sa aralin pinag – aralan.

# Day 6: Lesson Plan 11

### Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

**Key Idea**

•Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

**Most Essential Learning Competencies**

- Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.
- Naibabahagi ang sariling karanasan ayon sa napakinggang kuwento.
- Naipapakita o Naipadadama ang malasakit sa naipahayag na karanasan.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

**Awitin:** **Kamusta ka**
(Teacher Cath)

Kamusta ka? Kamusta ka?
O kaibigan ko, Kamusta ka?
Kay ganda at kay saya ng umaga
Pag tayo ay sama-sama
Ang umaga ay kag ganda
Ang umaga ay kay saya
Simulan ang araw ng puno ng pag-asa
Halina tayo ay magsama-sama
Ang umaga ay kay ganda, Ang umaga ay kay saya
Simulan ang araw na puno ng pag-asa
Halina tayo ay magsama-sama, Magandang umaga
Magandang umaga kaibigan ko,
Halina't tayo magsama-sama. (3x)

- Sasabihin: Magandang araw mga bata. Sino ang kasama ninyo sa pagpasok sa paaralan?
- Ipaawit: Kumusta Ka?
- Tanong:
  1. Ano ang naramdaman mo habang umaawit?
  2. Sino-sino ang mga kasama mo sa pagpasok sa paaralan?
  3. Paano mo sinimulan ang iyong umaga?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***


Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay makapagpapahayag at magkukuwento ng sariling karanasan na may kaugnayan sa kuwentong napakinggan.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

Magpapakita ng larawan ng batang nadapa.



**Tanong**

1. Ano ang inyong napansin sa larawan?
2. Ano ang nangyari sa bata?
3. Ano ang iyong mararamdaman kung ito ay nangyari sa inyo?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A: Larong Family Feud**

- Sabihin: Magbigay ng 5 posibleng nararanasan sa pagdiriwang ng Fiesta at kaarawan.

Pagdiriwang ng Fiesta
1.
2.
3.
4.
5.

Kaarawan
1.
2.
3.
4.
5.

•Tanong: Ano-ano ang ipinakitang damdamin ng mga kalahok sa game show?

•Sabihin: Ngayon ay maglalaro tayo ng **Family Feud**? Tingnan natin kung ano ano ang mga maaring isagot sa iisang katanungan.

•Sabihin: Magtanong sa ilang mga bata kung alin ang kanilang naranasan na nasa surbey.

•Sabihin: Bubuo ng dalawang pangkat ang guro para sa laro na may tig-5 miyembro.
Ihahanda ang mga kagamitan sa pagpapalaro ng Family Feud.

•Tanong:

- Ano-ano ang mga karanasan ninyo sa tuwing dadalo kayo sa isang kaarawan?
- Sa pagdiriwang ng kapaskuhan, ano-ano ang mga nakikita at nararanasan ninyo?
- Sa tuwing lalabas kayong mag-anak, saan-saan kayo namamasyal?

**Bahagi 4B. Buuin Mo!**

• Laro: Pangkatin ang mga bata sa apat (4). Bibigyan ang mga bata ng mga larawang nagpapahiwataig ng damdamin (*emoji).* Buuin nila ito batay sa kanilang karanasan.

•Sabihin: Bibigyan kayo ng 5 minuto upang mabuo ang larawang nagpapahiwatig ng damdamin. Ang lider ng grupo ang mag-ulat kung ano ang nabuong larawan batay ito sa inyong karanasan.

Pangkat 1. Magkakaroon ng pagsusulit hindi ka nakapag aral. Mababa ang nakuha mong marka. Ano ang iyong mararamdaman?

Pangkat 2. Araw ng linggo, Sama – sama kayong mag-anak magsimba. Pagkatapos magsimba kakain kayo sa sa Jollibee at mamasyal sa mall. Ano ang iyong mararamdaman?

Pangkat 3. Pinagbawal ng iyong magulang and paglaro ng gadyet sa araw ng may pasok. Ano ang iyong mararamdaman? Ano ang iyong mararamdaman?

Pangkat 4: Kinuha ng iyong kaklase ang iyong baon na hindi nagpaalam. Ano ang iyong mararamdaman?

**Halimbawang sagot:**

*Q1. Malungkot*

*Q2. Masaya*

*Q3. Malungkot*

*Q4. Galit*

**Gawain 4C**

- Sabihin: Iguhit ang  masayang mukha kung nararapat ang karanasan batay sa pagtulong sa kapwa at malungkot  naman kung hindi.

1. Binibigyan ng pagkain ang kaklaseng walang baon.
2. Tumutulong sa mga Gawain sa silid aralan.
3. Tinutulungan ang guro kapag marami itong dala.
4. Kinukuha nag lapis ng kaklae na walang paalam.
5. Humihingi ng tawad kapag nagkakamali.

**Sample answers:**

*Q1.* 

*Q2.* 

*Q3.* 

*Q4* 

*Q5* 

| |
|---|
| **Bahagi 5: Lesson Conclusion**<br><br>Time: 5 mins.<br><br>• **Sabihin**: Ngayon, para malaman kung may natutuhan sa aralin sagutin ang tanong.<br><br>• **Tanong:** Ano-ano ang mga nararamdaman ninyo sa mga karanasan tuwing kayo ay naiimbitahang dumalo sa isang pagdiriwang gaya ng kaarawan? Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br>• **Sabihin**: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng pagsasanay tungkol sa inyong sarliing karanasan. |
| **Paalala sa guro:** Kolektahin ang gawaing pagsasanay ng mga mag-aaral upang masuri at mapag-aralan kung naunawaan ang aralin. |

## Day 6: Lesson Plan 12

### Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

**Key Idea**

•Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

**Most Essential Learning Competencies**

- Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.
- Naibabahagi ang sariling karanasan ayon sa napakinggang kuwento.
- Natutukoy ang sariling karanasan ayon sa kuwentong napakinggang kuwento.
- Naipapakita o Naipadadama ang malasakit sa naipahayag na karanasan.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sasabihin: Magandang araw mga bata. Kumusta kayo sa araw na ito?
- Ipaawit ang "MGA EMOSYON"

(by: Redelyn Aves)

Ikaw ba ay masaya? o kaya ay malungkot?
Ikaw ba ay galit o kaya nama'y takot?
Ito ang pakiramdam na ating pinapakita
Ito'y ang ating emosyon. (ulitin ang awit ng may emosyon)

Tanong:

1. Anong mga emosyon ang nasa awit?
2. Ito ba ay nararamdaman nyo rin?
3. Ipakita ang mga iba't ibang emosyon.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling nating ito ay makapagpapahayag, matutukoy at magkukuwento ng sariling karanasan na may kaugnayan sa kuwentong napakinggan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

Naranasan mo na bang malungkot dahil hindi ka pinayagan ng nanay mong maglaro sa labas ng bahay?

Tanong: Ano ang iyong nararamdaman?
(hayaang mag kwento ang mga mag-aaral sa kanilang naranasan.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A: Karanasan Ko! Iugnay mo!**

- Sabihin: Gumawa ng dalawang pangungusap tungkol sa karanasan mong pamamasyal sa isang parke. Isulat ang sagot sa papel at Ibahagi ito sa klase.

Tanong: Naranasan ba ninyo ang mga naibahagi ng inyong kaklase?

Tanong: Sa mga narining ninyong karanasan ng inyong kaklase, maihalintulad mo ba to sa iyong sarili?

**Gawain 4B: Ipakita Mo!**

Pagpapakita ng mga sumusunod na larawan.





Tanong: Ano ang iyong nararamdaman sa mga pinapakitang larawan?
Naranasan din ba ninyo ang mga pangyayaring ito?
Ano ang inyong nararamdaman?

*Q1. Malungkot*

*Q2. Malungkot*

*Q3. masaya*

*Q4. Galit*

**Gawain 4C: Kuwento Basahin Mo!**

- Sabihin: Basahin ang kuwento at pagkatapos sagutan ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

***National Learning Camp* Na! Tara Na!**

Araw ng Lunes, masayang dumarating ang mga mag-aaral sa paaralan. Ang mga mag-aaral ay isa-isang pumapasok sa kanilang silid aralan. Makalipas ang ilang minuto ay pumasok na rin ang kanilang gurong si Bb. Teresa Jamela. Kaagad niyang inanunsiyo ang isang magandang balita sa mga mag-aaral.

Sa isang banda, may isang mag-aaral ang tila malungkot sa narinig at kaagad itong napansin ng guro. "JV, bakit ka malungkot?" ang tanong ng guro. "Kami po ay uuwi na sa aming probinsiya sa susunod na buwan at doon na po ako mag-aaral." Malungkot na saad ng bata. Nalungkot ang buong klase sa narinig na balita kay JV. "Huwag ka nang malungkot JV, ako at ang iyong mga kaklase ay di ka makakalimutan maaari pa naman tayong makapag-usap at magkamustahan sa pamamagitan ng *Group Chat* natin. At higit sa lahat maaari ka pa namang makasali sa *National Learning Camp* sa paaralang iyong papasukan. Magkakaroon ka rin doon ng bagong kaibigan, kaklase at mabait na guro." Patuloy na pagsasaad ni Bb. Jamela. Muling sumilay sa labi ni JV ang ngiti at saya sa mukha niya ng marinig ito. Masayang nagpasalamat si JV sa kanyang guro at mga kaklase.

Tanong:

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino ang tauhan sa kwento?
3. Ano ang inanunsiyo ng kanilang guro?
4. Ano ang naramdaman ni JV pagkarinig ng balita?
5. Bakit siya nalungkot?
6. Ano ang naramdaman ni JV ng marinig na maaari pa rin siyang sumali ng national Learning Camp sa lilipatang paaralan?

| |
|---|
| **Bahagi 5: Lesson Conclusion**<br><br>Time: 5 mins.<br><br>• **Sabihin**: Ngayon, upang makita kung natutunan mo ang aralin kompletuhin ang pangungusap.<br><br>Sa mga pangyayari o (1.) ka_an_sa_ natin sa buhay, ito ay nagdudulot ng (2.) ka_u_a_an, (3.) k_ga_akan, at (4.) ka_ungku_an. Tumutulong din ito upang mahubog ang ating pagkatao.<br><br>Sagot:<br>1. Karanasan 3. Kagalakan<br>2. Katuwaan 4. Kalungkutan |
| **Paalala sa guro:** Kolektahin ang gawaing pagsasanay ng mga mag-aaral upang masuri at mapag-aralan kung naunawaan ang aralin. |

# Day 7: Lesson Plan 13

## Pagbigay ng sariling hinuha

**Key Word**

- Pagbibigay ng sariling hinuha.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakapagbibigay ng sariling hinuha.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins

- Bilang pagbabalik-aral, ipagawa sa mag-aaral ang gawain: Pag-ugnayin ang larawan at ang pangungusap.




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. Natulog ng maaga si Kiko. | 2. Uminom ng tubig si Lita. | 3. Kumakain ng gulay si Felix. | 4. Maagang tumakbo si Pamela. | 5. Naghugas ng kamay si Tony. |

- Ipabasa ang sagot at itanong: Katulad ka rin ba ng mga bata sa larawan? Alin sa mga ipinakita ng mga larawan ang ginagawa mo? Bakit?

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intervention**

Time: 3 mins.


- Ipasuri ang larawan.




- Itanong: Anong larawan ang iyong nakikita? Anong silid ang mas mainam tulugan? Bakit?
- Sa ating aralin ngayon ay tatalakayin natin ang pagbibigay ng hinuha batay sa larawan.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**
Time: 5 mins


A. Upang lubos na maunawaan ang ating aralin ngayon. Ipagawa ang gawain: Subukang buoin ang pangungusap gamit ang mga larawan bilang gabay.



1. _______ ang magkapatid na Barcibal at Cristobal.



2. Isa sa katangian ng kambal na magkapatid ay ang pagiging _________.



3. Mainam ang silid na _________.

**Bahagi 4: Lesson Activity**

Time: 25 min

**4A. Pakikinig sa Kuwento**

- Sabihin: May babasahin akong maikling kuwento sa inyo. Bago ko simulan, isa-isahin muna natin ang mga dapat tandaan sa pakikinig ng kuwento?
- Inaasahan kong magagawa natin ang mga pamantayang inyong ibinigay. Tandaan ang ilang mga detalye ng kuwento upang masagot ang mga tanaong.
  a) Ano ang pamagat ng kuwento?
  b) Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
  c) Paano inilarawan ang mga silid?

**Magkatulad ay may pagkakaiba din**

Kambal na magkapatid sila Barcibal at Cristobal. Magkamukhang -magkamukha ang dalawang magkapatid. Ang kanilang mga gamit ay sadyang magkatulad din at maging sa kulay ng kanilang silid. Kahit na sila ay may pagkakatulad sila din ay may pagkakaiba at ito ay makikita sa kanilang silid.



Barcibal



Cristobal

- Ipasagot ang mga tanong.
  a) Ano ang pamagat ng kuwento?
  b) Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
  c) Paano inilarawan ang mga silid?

- Ipasuri ang silid ng dalawang magkapatid at itanong: Batay sa larawan, anong katangian ni Cristobal? Bakit mo ito nasabi?



Barcibal



Cristobal

**4B. Pangkatang Gawain:**

Hatiin ang klase sa tatlong grupo at ipagawa ang sumusunod. Alamin kung anong pangkat ka kabilang. Gawin ang gawain na nakalaan sa inyong pangkat.

**Pangkat 1**: **Suriin mo**

- Tingnan ang mga larawan. Lagyan ng tsek (✓) ang tamang paglilinis ng silid tulugan.







**Pangkat 2: Kaya mo, Kaya Ko**

- Ikahon ang tamang pagtulong sa gwaing bahay at isakilos ito.


Magpunas ng mesa.
Maghugas ng plato.
Maggupit ng mga papel.
Mag-ayos ng mga gamit.
Magwalis ng bahay.

**Pangkat 3: Pag-sipan mo**


- Tignan ang larawan at bilugan ang angkop na hinuha sa bawat bilang.




1. Masigla at malusog ang halaman.
   A. Nadidiligan ito nang tama.
   B. Hindi ito napapaarawan.
   C. Napapakain ito.



2. Madaling natuyo ang mga sinampay.
   A. Maulap ang kalangitan.
   B. Umulan nang malakas.
   C. Sumikat ang araw.



3. Mabilis na natapos ang mga gawaing bahay.
   A. Nagtulungan ang buong pamilya sa gawaing bahay.
   B. Mabilis maglinis ng bahay si nanay.
   C. Inasa sa kapitbahay ang paglilinis.



4. Maraming pagkain na nakahanda sa mesa.
   A. Sama-samang kakain ang buong pamilya.
   B. Nagugutom ang alagang aso ni tatay.
   C. Iniluto na ang almusal, tanghalian at hapunan.




5. Hindi itinapon ni Barcibal ang mga bote at dyaryo.
   A. Ireresiklo niya ang mga ito.
   B. Itatambak niya ang mga ito.
   C. Ipapamigay niya ang mga ito.

**4C. Pagsasanay:**

***Show me Board*:** Ipagamit ang *whiteboard* sa mga mag-aaral sa gawaing ito. Magpapakita ng larawan ang guro at isusulat ng mag-aaral ang kanilang hinuha sa *whiteboard.* Hayaang ibahagi ng mag-aaral ang kanilang sagot sa klase.




**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time:5 mins

- Bumuo ng bilog ang mga mag-aaral. Ipalaro ang *Pass the Ball*. Ipapasa ang bola habang may musika. Kapag huminto ang musika, kung sino ang may hawak ng bola ay bubunot ng larawan sa kahon. Base sa larawan, hayaang magbigay ang mag-aaral ng sariling hinuha.







____ ____ ____ ____ ____

- Ilagay ang letra sa larawan ang tamang hinuha.

    a. Nagkukumpuni ng gripo.
    b. Nagbabasa
    c. Nagdadasal
    d. Nagluluto
    e. Nagugulat

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

# Day 7: Lesson Plan 14

## Pagbibigay Sariling Hinuha

**Key Word**

- Pagbibigay ng Sariling Hinuha


**Most Essential Learning Competencies**

- Nakapagbibigay ng sariling hinuha.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins

- Simulan ang klase sa panalangin, pagbati sa bawat mag-aaral at pagkuha ng kabuoang bilang ng mga nagsipasok.
- Bilang pagbabalik-aral, ipagawa sa mag-aaral ang gawain: Buoin ang puzzle.  .



- Itanong: Ano ang nabuong larawan? Bakit kaya nabasag ang bintana? Magbigay ng sariling hinuha ayon sa nabuong larawan

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intervention**

Time: 3 mins.

- Ipasuri ang larawan.



- Pag-awit: https://www.youtube.com/watch?v=qOed9cVtnOE&t=37s
  Ipaawit at ipasayaw sa mag-aaral ang nasa video, ‘’Kaibigang Manggagawa.
  Tanungin: Bakit kaya sinabi ng awitin na ang mga manggagawa ay mga kaibigan natin?

- Sa ating aralin ngayon ay ipagpapatuloy natin ang ating talakayan sa pagbibigay ng tamang hinuha.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

Time: 5 mins

B. Upang lubos na maunawaan ng mga bata ang kuwento, ipagawa ang gawain: Basahin ang parirala at piliin sa loob ng panaklong ang angkop na salita na tinukoy nito.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. pumupuksa ng sunog | (doktor | nars | bumbero) |
| 2. nagtuturong bumasa at sumulat | (guro | beterinaryo | pulis) |
| 3. naggagamot ng may sakit | (doktor | nars | bumbero) |
| 4. nagbebenta ng mga gulay at prutas | (nars | bumbero | tindera) |
| 5. nagpapanatili ng katahimikan | (guro | beterinaryo | pulis) |

- Magpakita ng mga larawan ng mga nabanggit na kaibigan ng pamayanan.

**Bahagi 4: Lesson Activity**

Time: 25 min

**4A. Pakikinig sa Kuwento**

- Sabihin: May babasahin akong maikling kuwento sa inyo. Bago ko simulan, isa-isahin muna natin ang mga dapat tandaan sa pakikinig ng kuwento?
- Inaasahan kong magagawa natin ang mga pamantayang inyong ibinigay. Tandaan ang ilang mga detalye ng kuwento upang masagot ang mga tanaong.
- Ano ang pamagat ng kuwento?
- Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
- Bakit kaibigan ang mga manggagawa?

**Kaibigan ng Pamayanan**

Sa aming pamayanan ang lahat ay nagtutulungan. Mayroong doktor na nagpapagaling sa mga may sakit, bumbero na pumupuksa ng sunog, guro na nagtuturo sa mga bata, pulis na nagpapanatili ng katahimikan, dentista na tumitingin ng mga ngipin, beterinaryo na nangangalaga ng mga hayop, at tindera na nagbebenta ng mga gulay at prutas. Ang lahat ay abala sa pagtulong sa mga mamamayan.

- Ipasagot ang mga tanong.
  a. Ano ang pamagat ng kuwento?
  b. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
  c. Bakit kaibigan ang mga manggagawa?
- Sanayin ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng hinuha.
  Sa isang *fishbowl* bubunot ang bata ng papel. Babasahin ang nakasulat sa papel at magbibigay ng sarilinng hinuha batay sa nabunot.

Nagkasakit si Toni.

Masakit ang ngipin ni Kiko.

Mahaba na ang traffic sa kalsada.

Nais matutong magbasa ni Karen.

Malungkot si Helen may sakit ang alaga niyang aso.

**4B. Pangkatang Gawain:**

Hatiin ang klase sa dalawang grupo at ipagawa ang mga sumusunod na **station**.


**Maglalaro ng Station**

**Station 1**: **Kaya mo Kaya ko**

- Isasagawa ng mag-aaral ang gawain ng bawat kaibigan ng pamayanan sa pamamagitan ng pag-arte. (doktor, guro, pulis, tindera, bumbero)
- Paguusapan ng mga mag-aaral: Nakakatulong ba sila sa pamayanan? Bakit?


**Station 2: Hitik sa Bunga**

Pumitas ng bunga ng puno ng mangga at basahin ang pangungusap. Ibigay ang sariling hinuha batay sa nabasang pangungusap.




**Station 3**: **Ang Dyip ni Juan**

Imaneho ang dyip ni Juan ( ang mga miyembro ng grupo ay nakapila at nakahawk sa balikat ng kaklase, ang lider ang drayber). Sa bawat daraanan na paskil, ay magbibigay ng sariling hinuha.




**4C. Pagsasanay:**



**Show me Board:** Ipagamit ang white board sa mga mag-aaral sa gawaing ito. Magkakaroon ng paligsahan sa pagsagot. Ang may pinakamataas na iskor ay makakatanggap ng badge mula sa guro

1. Maaga pa lamang ay marami na ang bumibiling pandesal sa panaderya ni Mang Isko.
   A. Masarap ang pandesal sa panaderya.
   B. Maraming kaibigan si Mang Isko.
   C. Maganda ang panaderya.

2. Naglagay ng pedestrian lane sa tapat ng paaralan.
   A. Gaganda ang paaralan.
   B. May ligtas na tawiran ang mga mag-aaral.
   C. Lulubha ang trapiko sa tapat ng paaralan.

3. Araw -araw nang nagsasanay ang mga bata sa pagkanta at pag-awit.
   A. Magkakaroon sila ng pagsusulit.
   B. May paligsahan sa pag-awit at pagsayaw sa paaralan.
   C. Maiingayan ang punongguro sa kanilang pagsasanay.

4. Namaga ang pisngi at masakit ang ngipin ni Tonyo.
   A. Dadalhin siya sa doktor at babakunahan.
   B. Pupunta siya ng klinika at matutulog.
   C. Dadalhin siya sa dentista at ipapasuri ang ngipin.

5. Buong araw malakas ang ulan at baha na sa ilang bahagi ng barangay.
   A. Mahuhugasan ang paligid ng barangay.
   B. Walang pasok ang mga mag-aaral.
   C. Magbabangka ang mga papasok sa paaralan.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins

- Ipagawa sa mag-aaral ang pagsasanay: Pagtambalin ang pangungusap at ang angkop na hinuha.

| | |
|---|---|
| 1. Natatapon ng basura sa tamang lagayan. | A. Maiiwasn ang pagbaha. |
| 2. Nagtatanim ng mga puno sa pamayanan. | B. Mababawasan ang mga basura. |
| 3. Tumatawid kahit saan. | C. Makakaiwas sa sakuna. |
| 4. Nangolekta ng mga lumang damit at mga pagkaing delata. | D. Ibibigay sa mga nasunugan. |
| 5. Nagreresiklo ng mga bote at dyaryo. | E. Mapapanatiling malinis ang kapaligiran. |

- Pagkatapos ng aralin.
  - ➢ Purihin ang mag-aaral sa kanilang pakikibahagi sa talakayan.
  - ➢ Tanungin: Ano ang dapat tandaan sa pagbibigay ng angkop na hinuha?

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

## Day:  Lesson Plan 15

### Pagtukoy ng Kahulugan ng Salita Batay sa Kasingkahulugan

## Key Idea

- Kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan

**Most Essential Learning Competency**

- Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan.


**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: Ang Alpabetong Filipino

- Sabihin: “Magandang umaga, mga mag-aaral, Kumusta ang araw ninyo ngayon? Noong nakaraan ay pinag-aralan natin ang pagbibigay ng sariling hinuha. Ngayon ay ating susbukin ang inyong kasanayan tungkol dito.”

- Magpakita ng larawan ng isang maruming paligid. Pagkatapos ay itanong ang mga nasa ibaba.



Mga Tanong:

1. Ano ang nakikita ninyo sa larawan?
2. Ano kaya sa inyong palagay ang mangyayari kapag ganito karumi ang ating paligid?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sa araling ito ay matututuhan ninyo ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan ng mga ito.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Sabihin: “Magbabasa tayo ngayon ng isang kuwento tungkol sa kambal. Alam ba ninyo kung ano ang kambal? Nakakita na ba kayo kambal? Ilarawan nga ang nakita ninyong kambal.”

- Gamitin ang grapikong pantulong na pagsusulatan ng paglalarawan ng mga bata sa kambal. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi.




**Bahagi 4***:* ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A**

- Basahin.

**Ang Kambal**

Kuwento ni: Almadin R. Atezora

Sina Mina at Mila ay kambal. Halos sabay silang iniluwal ng kanilang ina. Parehong aruga ang ibinigay sa kanila ng ina nila. Ganoon din ang pag-aalaga ng kanilang ama. Lumaki sila na laging kasama ang isa’t isa. Sa paggawa ng halos lahat ng gawain ay katuwang sila ng kanilang ina. Gusto ng kanilang mga magulang na lumaki sila nang may wastong pag-uugali at tama ang pakikipagkapuwa. Sa mga hilig ay hindi rin sila nagkakaiba. Masaya si Mina kapag sila ay naglalaro ng luto-lutuan samantalang si Mila naman ay maligaya tuwing naglalaro sila ng maynika. Pangako nila sa isa’t isa, magtutulungan sila at magmamahalan hanggang sa pagtanda nila.

**Bahagi 4B. Pagsagot ng mga tanong.**

- Sabihin: “Pagkatapos mabasa ang mga kuwento, sasagutin natin ang kasunod na mga tanong.”

**Mga Tanong:**

1. Sino ang mga kambal sa kuwento?
2. Paano sila gustong lumaki ng kanilang mga magulang?
3. Ano ang kanilang pangako sa isa’t isa?

- **Gawin**: Ipabasa ang mga pangungusap mula sa kuwento. Salungguhitan sa pangungusap B ang kasingkahulugan ng salitang nakabilog sa pangungusap A.

1. A. Parehong aruga ang ibinigay ng kanilang ina.

   **B.** Ganoon din ang ginagawang alaga ng kanilang ama.

2. A. Lumaki sila na laging katuwang ang isa't isa.

   B. Sa paggawa ng halos lahat ng gawain ay kasama sila ng kanilang ina

3. A. Sila ay may wastong pag-uugali.

   B. Tama ang kanilang pakikipagkapwa tao.

4. A. Maligaya si Mina kapag sila ay naglalaro ng lutu-lutuan.

   B. Si Mila naman ay masaya tuwing naglalaro sila ng maynika

- **Gawin:** Iproseso ang aralin sa pamamagitan ng pagtalakay ng kasingkahulugan.
- Sabihin: "Mauunawaan natin ang kahulugan ng isang salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan nito."

Ipabasang muli nang malakas ang mga halimbawa.

| | |
|---|---|
| aruga – alaga | wasto – tama |
| katuwang – kasama | maligaya - masaya |

**4C. Kahulugan Ko, Itambal Mo!**

- Magpalaro ng **Kahulugan Ko, Itambal Mo!** sa mga mag-aaral.
  Panuto: Itambal ang kahulugan ng mga salita sa Hanay A sa mga salitang nasa Hanay B. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. mataas | mahusay |
| 2. mataba | malusog |
| 3. tahimik | matayog |
| 4. sikat | payapa |
| 5. magaling | kilala |

Ipagamit sa pangungusap ang mga salita.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.

- Gawin: Bilugan sa loob ng panaklong ang salitang nagtataglay ng kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap.
  1. <u>Mabagal</u> maglakad ang pagong (mabilis, malumanay).
  2. Ang halo-halo ay <u>masarap</u> kainin (malinamnam, matabang)
  3. <u>Matapat</u> magsalita ang doktor (masekreto, totoo)
  4. Nangangailangan ng mas maraming pag-aalaga ang <u>nakakatanda</u> (may edad, bata pa).
  5. <u>Natutuwa</u> ang aking kapatid sa kanyang bagong laruan ( nalulungkot, nagagalak)

- Pagtatapos ng aralin:

  Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay kikilalanin pa natin ang ibang mga salita at ang kasingkahulugan ng mga ito.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

# Day 8: Lesson Plan 16

### Pagtukoy ng kahulugan ng salita satay sa kasingkahulugan

## Key Idea

- Kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan

**Most Essential Learning Competency**

- Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: "Kumusta ang natutuhan mo kaugnay ng pagtukoy ng kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan nito?
- Gawin: Ipalaro ang **Thumbs Up, Thumbs Down** sa mga mag-aaral.
  Panuto: Ipakita ang Thumbs Up ( ) kung ang magkapares na salita ay magkasingkahulugan at Thumbs Down ( ) naman kung magkasalungat. Makinig sa pagbasa ng guro.

| | | |
|---|---|---|
| 1. | malinis | dalisay |
| 2. | masikip | maluwag |
| 3. | maputi | maitim |
| 4. | masarap | malasa |
| 5. | marami | sagana |

Itanong sa mga mag-aaral kung ano-ano ang pares ng salitang magkasingkahulugan sa katatapos na laro.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay higit na malilinang ang inyong kaalaman kaugnay ng pagtukoy ng kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan ng mga ito.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Ipaskil sa pisara ang metacard na nakasulat ang salitang **kasingkahulugan**. Pangkatin ang klase sa apat. Magpabuo ng mga bagong salita na mabubuo mula sa salitang kasingkahulugan.

- Sabihin: “Mga mag-aaral, mag-isip ng mga bagong salita na mabubuo ninyo mula sa salitang nakapaskil sa pisara. Ang pangkat na makabubuo ng mas maraming salita ang siyang panalo.”

- Bigyan ng dalawang minuto ang mga mag-aaral na gumawa nang pangkatan

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A. Tuklasin, Alamin**

- Ipabasa nang malakas sa mga mag-aaral ang talata.

> Ang mag-anak na San Pedro ay aktibong nakikisa sa mga gawain ng kanilang komunidad. Lahat sila ay lumahok sa katatapos na *earthquake drill* ng kanilang barangay. Iba't ibang drill ang isinasagawa ng kanilang barangay upang magkaroon ng sapat na kaalaman at kahandaan ang mga mamamayan sa anumang sakuna na maaaring dumating. Batid ng pamilya San Pedro ang kahalagahan ng ganitong gawain sapagkat naniniwala silang anumang sakuna ang dumating, siguradong ligtas ang may sapat na kaalaman at kahandaan.

- Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong.

1. Sino ang mga aktibong nakiisa sa mga gawain ng komunidad?
2. Ano ang katatapos na gawain ng kanilang barangay?
3. Bakit nagsasagawa ng *drill* ang kanilang barangay?
4. Ano-ano ang mga salitang may salungguhit sa talata?
5. Piliin sa loob ng kahon ang mga salitang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa talata.

| | | |
|---|---|---|
| alam | aksidente | nakiisa |

**Bahagi 4B. Ekis, Ekis**

- Sabihin: Upang lubos nating maunawaan ang ating mga binabasa ay kailangang alam ninyo ang kahulugan ng mga salitang inyong nababasa.”
- Ipagawa sa mga mag-aaral ang kasunod na gawain. Pumili ng isang mag-aaral na babasa nang malakas sa panuto. Pagkatapos ay ipaliwanang ito.

Panuto: Ekisan ang kahon na nagtataglay ng kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap.

1. Ang baon niyang pagkain ay sobra.

| | | |
|---|---|---|
| sapat | labis | kulang |

2. Ang tinapay ay nalaglag.

| | | |
|---|---|---|
| masarap | malaki | nahulog |

3. Namahagi siya ng kaniyang pagkain.

| | | |
|---|---|---|
| nagbigay | nagtago | nagtabi |

4. Nagalak ang kaniyang mga kamag-aral.

| | | |
|---|---|---|
| nainggit | natuwa | naawa |

5. Tunay siyang isang huwaran sa kaniyang mga kamag-aral.

| | | |
|---|---|---|
| modelo | lider | kaaway |

**Bahagi 4C. Makulay na Kahulugan**

- Sabihin: Upang lubusan ninyong matutuhan ang ating aralin, isasagawa ninyo ang kasunod na gawain sa pamamagitan ng pagkukulay

  Panuto: Kulayan ang bilog na nagtataglay ng kasingkahulugan ng mga salitang nakalista.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. luntian | berde | asul | dilaw |
| 2. matayog | mataas | malayo | mahusay |
| 3. masamyo | maganda | mabango | malinis |
| 4. kapos | sapat | sobra | kulang |
| 5. matalas | mataas | mabilis | matalim |

Ipabasang muli ang mga salitang magkasingkahulugan sa mga mag-aaral.

Ipagamit sa pangungusap ang mga salita.

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, natapos na tayo sa ating aralin kaugnay ng pagtukoy ng kahulugan ng salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan. Magbigay nga kayo ng mga salitang makasingkahulugan."
- Ipagamit sa makabuluhang pangungusap ang mga magkahulugang salita na babanggitin ng mga mag-aaral.
- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: "Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay pag-aaralan naman natin ang pagkuha ng mahalagang detalye sa inyong mapakikinggang kuwento."

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan, salita o mga gawain na hindi nabangit sa aralin.

# Day 9: Lesson Plan 17

## Pagtukoy sa mahahalahang detalye sa paksang napakinggan.

**Key Word**

- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan.

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan.
- Naibibigay ang mahahalagang detalye ng napakinggang/nabasa o napanood na video, talata o tekstong pang-impormasyon.
- Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggan/ napanood

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins

- Sabihin: Kumusta ang araw ninyo mga bata?
- Halikayo at sabayan ninyo ako sa pag awit ng "Ako ay May Lobo".

**Ako ay May Lobo**

Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Di ko na nakita
Pumutok na pala
Sayang ang pera ko
Pinambili ng lobo
Sa pagkain sana nabusog pa ako

- Mga Tanong:
- Ano ang pamagat ng awitin?
- Sino ang may lobo?
- Ano ang nangyari sa lobo?
- Bakit nasabi mo na nasayang ang perang pinambili mo ng lobo?
- Kung ikaw ang papipiliin, ano ang bibilhin mo lobo o pagkain? Bakit?

**Bahagi 2: Lesson Purpose**

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**
Time: 5 mins
Laro: Pasahan ng Bola

- Sabihin: May gusto ka bang malaman tungkol sa iyong kaklase?
  Ano ang iyong gagawin upang makuha mo ang detalyeng gusto mong alamin?

- Bubuo ng isang malaking bilog ang mga mag-aaral. Ipapasa ang bola habang may tugtog. Kapag huminto ang tugtog ang may hawak ng bola ay magtatanong sa taong gusto niyang tanungin.

- Tanong: Nakuha mo ba ang sagot na iyong nais malaman sa iyong pagtatanong?
  Mahalaga ba na tayo ay magtanong kapag tayo ay may hindi nauunawaan?
  Bakit?
  Gaano ba kahalaga ang makining ng mabuti sa taong nagsasalita?
  Bakit dapat tayong makinig ng mabuti?

**Bahagi 4: Lesson Activity**
Time: 25 min

**Bahagi 4A** Babasahin ng guro ang tulang "Ang Alaga Kong Manok"

**Ang Alaga Kong Manok**

Putak! Putak! Putak!
Ang sigaw ng alaga kong si Bulak
Itlog ko ay kunin mo na
Para sa iyong masarap na umaga.

Ano ang pamagat ng tula? ____________________________________________
Ano ang pangalan ng kanyang alaga? _______________________________________
Ano ang alaga niyang hayop? _____________________________________
Sino ang may alagang manok? _______________________________________
Bakit nasabi sa tula na masarap na umaga ang hatid nito? __________________________

**Bahagi 4B.**

- Sabihin: Pagmasdan ang mga larawan?




- Tanong: Tungkol saan ang larawan? Ano ang paksa ng latrawan?
  Ano ang ginagawa ng mga bata?
  Bakit mahalagang tayo ay magtulungan?

**Bahagi 4C**. Ipanood ang video sa youtube.

https://.youtube.com/watch?v=duP1kuwc1_s

- Sabihin: Panoorin nang mabuti ang video.
- Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang nangyari sa bata? ____________________________________
2. Ilang taong gulang na ang bata? ______________________________
3. Ano ang naging dahilan ng pagkasakit ng bata?
   Bakit?_____________________________________________

- Tanong: Tama ba ang impormasyong iyong nasagap?
  Paano mo nasabi na tama ang mga impormasyon na iyong nasagap?

**Bahagi 4C. Think-Pair-Share:**

Maghanap ng iyong kapartner.

Sagutin ang mga tanong kasama ang iyong kabuddy.

Pag- usapan ninyo ang mga katanungan sa loob ng kahon.

| | **Sagot** |
|---|---|
| Ano sa palagay mo, nakakaapekto ba talaga ang sobrang paggamit ng cellfone? Paano? | |
| Magbahagi ng karanasan mo sa pagbababad mo sa cellphone? Ano ang nangyari sa iyo? | |

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time:5 mins

Tanong: Bakit kailangan nating maibigay ang mahahalagang detalye ng napakinggan/nabasa o napanood na video, talata o tekstong pang impormasyon?

Paano natin maibibigay ang mahahalagang detalye ng napakinggan/nabasa o napanood na video, talata o tekstong pang impormasyon?

Pagtatapos ng Aralin: May isang produktibong araw na naman tayo ngayon pinagsamahan. nawa'y magamit ninyo ang inyong natutunan sa araw araw ninyong pakikipagsalamuha sa inyong kapwa.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

## Day 9: Lesson Plan 18

**Pagtukoy sa mahahalahang detalye sa paksang napakinggan.**

**Key Word**

- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan.
- Naibibigay ang paksa ng napakinggang tula, talata o tekstong pang-impormasyon.
- Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggan.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins

- Sabihin: Kumusta ang araw ninyo mga bata?
- Balikan natin ang aralin natin kahapon.



- Sabihin: Masdan ang larawan?
- Tanong: Ano ang nangyari sa bata?
  Bakit nadulas ang bata?

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intervention**

Time: 3 mins.


- Sa araling ito ay matutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan/nabasa na tula/talata o tekstong pang-impormasyon.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**


Time: 5 mins

A. Alin sa mga larawan ang makakatulong sa iyo upang maunawaan at lubos na maintindihan ang kuwento o paksang binabasa o pinapakinggan? Lagyan ng bituin ang larawan.





B. Paghawan ng Balakid:
Alin sa larawan ang nagpapakita ng pariralang - hitik na hitik sa bunga. Lagyan ng bituin ang larawan.

A B

**Bahagi 4: Lesson Activity**

Time: 25 min

**Bahagi 4A**. Sabihin: Ano ang dapat natin gawin upang maunawaan at maintindihan ang mahahalagang detalye sa napakinggang kuwento?

Sabihin: Makinig sa kuwentong babasahin ko.




## Ang Aking Pinsan

Si Mila  ay pinsan kong taga Maynila. Minsan ay namasyal ang aking pinsan sa aming bayan. Laking gulat niya ng makita ang napakalaking puno ng mangga na hitik na hitik  sa bunga sa aming bakuran. Tuwang- tuwa namitas ng mangga si Mila. Sinubukan niya ring akyatin ang puno ng mangga. Nang bumaba siya ay di maalis-alis sa kanyang mga labi  ang ngiti at sayang kanyang nadarama. Ito ang kauna-unahang karanasan nya sa  pag-akyat sa puno.

Sagutin ang mga katanungan .

1. Ano ang paksa sa kuwentong aking binasa?
2. Ano ang nakita ng pinsan ni Mila na ikinatuwa nya?
3. Bakit hindi maalis-alis ang ngiti sa labi ni Mila?
4. Kung ikaw si Mila, babalik ka pa ba sa bayan ng iyong pinsan? Bakit?

- Sabihin: Kumuha ng isang larawan na may kaugnay sa kuwentong napakinggan. Alin sa mga larawan ang may kaugnay sa kuwentong binasa?


- Sabihinng mga mag-aaral  sa klase ang kinalaman o koneksyon ng larawan sa kuwento.

**Bahagi 4B.** Pangkatang Gawain:

Pangkatin ang mga mag-aaral sa 3 na grupo.

Unang Pangkat. Basahin ng malakas ang tula at lagyan ng tsek ang mga detalyeng hinahanap.

Pangkat 1: Halina"t Magbasa



**Halika Kuya! Halika!**
**Sa sisong Nagdudulot ng saya.**
**Taas, baba, taas, baba**
**Ang saya, saya!**

Tukuyin ang detalye ng binasang tula. Lagyan ng tsek(/) anng tamang sagot.

1. Sino kaya ang nagsalita sa tula?
   __________kuya
   __________nanay
   __________bunso
2. Sino ang kanyang kinakausap?
   __________ate
   __________kuya
   __________bunso

Pangalawang Pangkat: Basahin ang tula at sagutin ang mga tanong .

Pangkat 2: Tayo'y Magsaya



Basahin ng mabuti ang tula at bilugan ang tamang sagot.

**Ang Aking Lapis**

**Dilaw na sandata**
**Dala-dala ko sa tuwina**
**Kailan man ay di ko naiiwan**
**Pagkat lagi kong kailangan**

1. Sino ang may-ari ng lapis?
   a. Kwaderno b. siya c. sila
2. Ano ang lagi kong daladala?
   a. kwaderno b. bag c. lapis
3. Ano ang kulay ng lapis?
   a. pula b. dilaw c. asul
4. Bakit lagging daladala ko ang aking lapis?


   Sagutin ng pasalita

   ____________________

   ____________________

Ikatlong Pangkat: Sa mga inihandang maikling Babasahin ng guro pumili ng isa at basahin ito ng malakas. Ang miyembro ay makikinig sa binabasa at gagawa ng tanong na sasagutin ng kanyang kaklase.

Pangkat 3: Mini-Guro



Pumili ng isang babasahin sa kahon. Basahin ito ng malakas sa inyong pangkat
Gumawa ng mga tanong na sasagutin ng iyong mga kagrupo.
Gagawin ito ng pasalita sa grupo.

**Paalala sa guro**: Maghanda ng maikling kuwento o kahit anong maikling babasahin

**Bahagi 4C**. Karagdagang Gawain. Tukuyin natin ang paksa sa bawat tula o talata.

Panuto: Bilugan ang letra ng tamang paksa sa talata.

Ang holen ni Lino ay bago.
Ito ay may iba't ibang kulay.

Bigay ng kanyang nanay.

a. holen    b. Lino    c. nanay

Masayang mamasyal sa Bicol.

Dito makikita ang Bulkang Mayon.

a. Mayon    b. Bicol    c. mamasyal

Ang aking nanay ay masipag, maaruga at mapagmahal.

a. Nanay    b. masipag    c. maaruga

Ako ay may alaga
Isang asong mataba.

Balahibo ay maputi

Makinis ang katawan.

a. Balahibo    b. alaga    c.maputi

May bagong bestida si Bea.

Binili ng kanyang Tita.

Ito ay kulay rosas at lila.

a. Bea b. Tita c. bestida

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time:5 mins

Sabihin: Paano mo matutukoy ang mga detalye o paksa ng kuwento, talata o tula na iyong binasa? Ano mga dapat tandaan?

- Pagtatapos ng Aralin: May isang produktibong araw na naman tayo ngayon pinagsamahan. Nawa'y magamit ninyo ang inyong natutunan sa araw araw ninyong pakikipagsalamuha sa inyong kapwa.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Delivery (DepEd-BLD)
Contact Numbers: 8637-4366; 8637-4347; 8633-9347

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Contact Numbers: 8634-1072; 8631-6922

Email Address: blr.od@deped.gov.ph